# BISIG

2021 Bol. 3



Ang **BISIG** ay bilingual na refereed journal na nagtatampok ng mga artikulo o papel pananaliksik hinggil sa kalagayan ng sektor ng paggawa at mga komunidad sa Pilipinas na taunang inilalabas ng PUP. Pangunahing itinatampok nito ang mga pag-aaral na sumisipat sa mga napapanahong isyu hinggil sa kalagayan ng mga manggagawa, anakpawis at kanilang mga komunidad. Karaniwang nakatuon ang mga paksa sa mga usapin tulad ng unyonismo, globalisasyon, neoliberal na polisiya, kilusang paggawa, karapatan at kalagayan ng anakpawis, relasyon at kalagayan ng mga industriya, at iba pang katulad. Maaaring ang paksa ay tumatawid sa iba pang disiplina tulad ng kasaysayan, politika, ekonomiya, sikolohiya, wika, sining, kultura, kasarian, kababaihan, diaspora, agham, teknolohiya at iba pa tungo sa paglapit na multi/interdisiplinaryo.

Layunin ng Bisig na maipagpatuloy at lalo pang mapaigting ang mga nasimulang adhikain para sa mga manggagawa ng intelektuwal at makabayang edukador na si Dr. Nemesio Prudente, sa pamamagitan ng mga pananaliksik na dumadalumat sa mga penomenang may kaugnayan sa paggawa at ugnayang pang-industriya sa Pilipinas.

**LUPON NG MGA EDITOR**

**Rimando E. Felicia**
Punong Editor

**Jomar G. Adaya**
Kawaksing Editor

**Paul L. Quintos**
Kawaksing Editor
City University of Hongkong

**Mary Joy Sawa-an**
Tagapamahalang Editor

**Jesusana Dejito**
Layout Artist

**LUPON NG MGA EDITORIAL REVIEWER**

**David Michael M. San Juan, PhD**
De La Salle University

**Ramon G. Guillermo, PhD**
University of the Philippines-Diliman

**Epifanio San Juan Jr., PhD**
Philippine Cultural Studies Center, USA

**Atty. Rebecca C. Chato**
Former Undersecretary, DOLE

**Nancy Kimuell-Gabriel, PhD**
University of the Philippines-Diliman

**Angelito Manalili, PhD**
University of the Philippines-Diliman

**Judy Taguiwalo, PhD**
University of the Philippines-Diliman

**Francis Gealogo, PhD**
Ateneo de Manila University

BISIG

**BISIG**
Polytechnic University of the Philippines
Office of the Vice President for Research, Extension, Planning, and Development
Research Publications Office
2021

Maaaring sipiin ang alinmang bahagi ng journal para sa ikasusulong ng interes at mithiin ng mga anakpawis at mamamayan. Kailangan lamang ng angkop na pagkilala sa naglathala o sa mga may-akda.

Karapatang-ari © 2021

Inilathala at ekslusibong ipinamahagi ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa, Manila

ISSN 2546-0765 (Online)
ISSN 2467-6330 (Print)

**Paliwanag sa Pabalat (Cover)**

Pinamagatang "Kalbaryo ng Manggagawang Bukid" ang sining-biswal na ginamit sa isyung ito ng Bisig na mula sa mayamang bukal ng mga likha ng kilalang artista ng bayan at ng uring manggagawa na si Leonilo "Neil" Doloricon (1957-2021). Si Prof. Neil ay edukador, visual artist, printmaker, and social critic at itinuturing na isa sa mga dakilang haligi ng social realism sa Pilipinas at maging sa buong mundo. Ipinagmamalaki namin na mula sa pagsisimula ng Bisig Journal noong dekada 90 hanggang sa huli niyang mga obra, naging bahagi at katunayan ay nagsilbing mukha ng Bisig ang mga obra ni Ka Neil Doloricon bilang artista ng mga anakpawis. Ipinagpapasalamat namin na naambunan ni Ka Neil hindi lamang ng kanyang mga obra kundi mga aral at mungkahi kung paano higit na ilalapit at pagsisilbihin ang Bisig sa mga anakpawis at mamamayan. Para kay Neil, ang akademya at ang mga produkto nito ay laging kaagapay at nagsisilbi sa anakpawis at produktibong pwersa ng lipunan. Salamat at nagpapatuloy kami, Prof. Neil!

## Paunang Salita

Kakaiba ang panahong ito. Ito ay isang panahong ang katotohanan ay tila ba kailangan laging patunayan, igiit at ipaglaban. Sa lawak ng makinarya ng disinpormasyon, mas tumindi ang pangangailangan at hamon para sa mga makabuluhang pananaliksik hindi lamang upang ilarawan ang kalagayan kundi higit pa rito, basagin ang mga maling pananaw at impormasyon na sistematikong ipinalalaganap ngayon. Dito higit naming nakikita ang kabuluhan at pangangailangan sa mga babasahin at dyornal ng pananaliksik na katulad ng Bisig.

Tatlong dekada na ang Bisig (na may ilang panahon na tinawag na Braso) at patuloy ang ebolusyon nito mula sa pagiging dyornal ng panitikan ng obrero hanggang sa kasalukuyan nitong anyo bilang akademikong dyornal ng mga pananaliksik hindi na lamang sa relasyong industriyal at paggawa kundi sa mga samu't saring paksa, konsepto, usapin, dokumentasyon at pakikibaka ng mga anakpawis at mamamayan para sa pagbabago sa kanilang pamayanan at maging sa panlipunang transpormasyon. Patuloy mang nagbabagong-anyo, subalit pirmi at lalaging matibay, malinaw ang kiling at silbi ng akademikong dyornal na ito: ang maging Bisig ng mga anakpawis at mga sektor na nasa laylayan ng lipunan.

Sa isyung ito, mababasa ang mga akda na hindi lamang dumaan sa masusing pagkilatis ng mga rebyuwer kundi higit pa rito ay naglalaman ng mga napapanahon at napakamakabuluhang mga pagsusuri, obserbasyon at pananaliksik sa yugtong ito ng mga mayor na kaganapan sa ating lipunan.

Masinop na sinuri at mistulang sinuma ng akdang *A Critical Discourse Analysis of Rodrigo Duterte's Language on Endo and Labor Unionism* ang pabaling-baling na tindig ng administrasyong Duterte mula sa mismong bibig ng pangulo sa mga pangunahing usapin sa paggawa tulad ng pangakong napako sa pagwawakas ng sistemang Endo (end of contract) o kontraktwalisasyon.

Sa akdang *Ang Industriya ng Niyog sa Pilipinas Pagkalipas ng EDSA at ang Kalagayan ng mga Magniniyog sa Kanilang Panitikan*, inilatag ng may-akda ang ilang halimbawa ng panitikan hango sa mga magniniyog at sa proseso nailalatag ang pait ng katotohanang sa kabila ng mga boladas at programa ng mga gubyerno matapos ang pag-aalsa sa EDSA, nananatiling naghihirap ang magniniyog at nagpapatuloy ang monopolyo at iilang may kontrol sa industriya ng niyog sa ating bansa.

Mistulang rebyu sa pelikula pero ang totoo'y higit na masaklaw na diskurso ang tinuturol ng akdang *Representasyon ng Kababaihang Manggagawang Pilipino sa Europa Batay sa Pelikulang Pag-ibig na Milan (2004) at Barcelona (2015)* na sabihin pa ay nagsasalabid sa kwentong pag-ibig ng mga karakter ang tunay na kalagayan, hinaing at aspirasyon ng mga migranteng manggagawa.

Pagdalumat sa resulta ng pakikipagkwentuhan sa mga katrabaho at pakikipanayam sa mga kalakhan ng kontraktwal na estudyanteng manggagawa ang inihaharap ng akdang *Ang Fast food Crew sa Mabilis na Globalisasyon: Naratibo ng mga Manggagawang "Hindi Laging Bida ang Saya"* na lalo pang nagsakongkreto ng kalagayan ng mga student crew sa mga fastfood chains.

Pokus naman ng akdang *Ang Pagdalumat ng Bentahan sa Navotas Fish Port Complex Upang Masipat ang Kalagayan ng Pangingisda sa Pilipinas* at sinipat ng pag-aaral ang mga suliranin ng Fish Port sa Navotas at nagharap ng ilang rekomendasyon upang malubos nito ang potensyalidad sa pag-aambag sa ekonomiya hindi lamang sa lunsod ng Navotas kundi maging sa sektor ng pangisdaan ng bansa.

Ngayong taon habang patuloy na nagsisikap umahon ang bayan sa lipunang ibayo pang nilugmok ng iba't ibang tipo ng pandemya, palit-mukha naman ang titimon sa gobyerno ng ating bayan.

Bago ang mga mukha, at panibagong mga pangako. Gayunman, tila hindi nagbabago ang kalagayan, hinaing at aspirasyon ng nakararaming sektor sa ating lipunan. Sila itong nagpapatuloy ang pagsisikap na mabuhay sinupaman ang nasa pamahalaan. Patuloy na naghahanap ng pag-asa at kumakapit sa pagbabakasakali ng pagbabago. Sila ang patuloy na pinapangakuan ng pagbabago subalit mas madalas na kinakapos at laging pinagbabayad ng mahal. Sila ang manggagawa, ang magsasaka, ang mangingisda, ang mga karaniwang empleyado at mga nagpipilit na maghanap ng ikabubuhay sa iba't ibang paraan sa mga looban, sa lansangan, sa mga komunidad, sa mga baryo, sa malalayong lupang tiwangwang o mandarayuhan maging sa ibang bayan.

Sila ang mga mukhang mababanaag sa mga akdang mababasa sa isyung ito. Sa kanila ang mga salita na inyong mababasa. Sa kanila ang mga tinig na inyong mauulinig.

Sapagkat ang Bisig ay hindi lamang nagkakanlong sa kanilang mga hinaing at mithiin, sa Bisig din pinag-iisa ang kanilang lakas na isulong at isakatuparan ang mga ito. Noon hanggang ngayon Ito ang Bisig ng mga nakararami sa lipunan dahil para saan nga ba ang kaalaman at karunungan? Para ito sa pagsulong ng lipunan. Para ito sa mga pangunahing nagtutulak sa granahe ng produksyon at pagbabagong panlipunan

Sa partikular na panahong ito ng mabilis na galaw ng impormasyon, tanging hangad ng Bisig na makapag-ambag ng mga matitibay na pananaliksik na naglilinaw at gumagapi sa mga disinpormasyon at sinasadyang pagtatakip sa katotohanan ng mga paulit-ulit na kasinungalingan. Para kina Doc Prudente, Ka Roger Ordonez, Ka Ave Perez Jacob at sa iba pang nagtimon ng Bisig-Braso, nagpupunyagi po kaming magpatuloy at hindi tayo mabibigo.

**Rimando E. Felicia, MCD**
Kawaksing Propesor
Punong Editor

## Mga Nilalaman

**Paunang Salita mula sa Editor**

**A Critical Discourse Analysis of Rodrigo Duterte's Language on Endo and Labor Unionism**
Jervy C. Briones **1**

**Ang Industriya ng Niyog sa Pilipinas Pagkalipas ng EDSA at ang Kalagayan ng mga Magniniyog sa Kanilang Panitikan**
Romeo P. Peña, PhD **27**

**Representasyon ng Kababaihang Manggagawang Pilipino sa Europa Batay sa Pelikulang Pag-ibig na Milan (2004) at Barcelona (2016) ni Olivia Lamasan**
Axle Christien J. Tugano **43**

**Ang Fast food Crew sa Mabilis na Globalisasyon: Naratibo ng mga Manggagawang *"Hindi Laging Bida ang Saya"***
Nell B. Buenaventura **73**

**Ang Pagdalumat ng Bentahan sa Navotas Fish Port Complex Upang Masipat ang Kalagayan ng Pangingisda sa Pilipinas**
Reneille Joy M. Tayone **107**

**Mga Kontribyutor** **147**

Reneille Joy M. Tayone
De La Salle University-Manila

# Ang Pagdalumat ng Bentahan sa Navotas Fish Port Complex Upang Masipat ang Kalagayan ng Pangingisda sa Pilipinas

**Abstrak**

Lumalala sa Pilipinas ang suliranin sa pangingisda dahil sa politikal na paraan ng pamamahala ng gobyerno. Sinipat sa pag-aaral na ito ang kalagayan ng bentahan ng mga pagkaing-dagat sa *Navotas Fish Port Complex* batay sa pagsaalang-alang sa kalikasan, panahon, at pandemyang Covid-19. Binuo ito sa tatlong magkakaugnay na layunin ngunit magkakaiba ng paraan ng pagsipat. (1) ang panahon sa karaniwang bilang ng inaangkat at nabebentang isda, (2) ang pag-aangkat ng isda batay sa bilang, uri, at pinagmulan/pagdadalhan, (3) presyong inilalatag batay sa *supply* at *demand* ng isdang naangkat. Ginamit ang *socio-economic* bilang teorya sa pag-aaral dahil hangad na makita ang kilos ng mga tao sa bentahan ng isda upang matugunan ang benta at makaambag sa ekonomiya. Nabatid sa pag-aaral na malaki ang gampanin ng pamahalaan sa pangingisda dahil mayroon pamantayan na kailangang sundin bago makapanghuli at maiangkat ang pagkaing-dagat. Dagdag pa rito, naipakita na mas bumababa habang tumatagal ang inaangkat na isda sa NFPC dahil sa mga suliranin sa maayos na panghuhuli, hindi inaasahang sakuna, at epekto ng kasalukuyang pandemya. Ito ay nakaapekto sa magiging presyo ng isda sa palengke o iba pang pamilihan. Ngunit higit na nagsasakripisyo ang mga mangingisda at kasapi sa bentahan dahil nakatuon lamang ang solusyon ng pamahalaan sa importasyon ng isda sa ibang bansa. Sa kabuuan, mainam na may malay ang isang tao sa salik ng dami o kaunting benta upang makiangkop sa lipunan habang kailangan magpatupad

ang pamahalaan ng maayos na plataporma para sa pagpapayabong ng pangingisda sa ekonomiya ng Pilipinas

**Mga Susing Salita**: Bentahan, *Navotas Fish Port Complex*, Pangingisda, *Socio-Economic*

The fishing problem in the Philippines increases due to the political mismanagement of the government. This paper analyzed the condition of selling in Navotas Fish Port Complex in the light of weather, industry, and the Covid-19 pandemic. The aim was developed based on the three objectives: (1) the period in which the average number of imported and sold fish, (2) the importation of fish based on volume, classification, and import/export, (3) the set price based on the supply and demand of fish imported. The study used socio-economics as a theory to understand the people's behavior in selling fish to meet the income and contribute to the economy. The study revealed that the government controls fisheries because standards need to be accomplished before finding and importing the fishing food. In addition, it has been explained that the imported fish decreased in the NFPC due to the problems in fishing, unforeseen disasters, and the impact of the current pandemic. As a result, it affected the price of fish in the market and other stores. But mostly, the fishermen and people involved in selling are the ones who sacrifice the most because the government's solution focuses on importing fish to other countries. In the end, the people should be aware of the volume of selling so that they can adjust to the system, while the government should implement a platform to help the fishing economy in the Philippines.

**Key Words:** Fishing, Navotas Fish Port Complex, Selling, Socio-Economic

## Panimula

Patuloy ang pagtaas ng mga bilihin sa Pilipinas bunga ng mga suliranin sa ekonomiya, mga hindi inaasahang sakuna, at ang patuloy na epekto ng pandemyang Covid-19. Noon, marami nang mabibiling pagkain sa halagang isang daang piso ngunit ngayon, tila hindi na aabot ang halaga ng perang ito ng isang linggo. Patunay na rito ang inilahad sa balita ng *GMA News* noong Marso 3, 2022 na tungkol sa "Presyo ng ilang isda sa Blumentritt Market, mataas pa rin" dahil sa nagbawas ng pampalaot sa dagat dulot ng mahal ng presyo ng petrolyo. Ang mga ito ay maaaring makaapekto sa *supply* at presyo ng isda sa palengke. Sa pagsipat, hindi magandang pagtingin sa Pilipinas ang mga suliranin sa maayos na bentahan ng isda

sapagkat isa itong kapuluang bansa na kung saan ang pangingisda ang isa sa dapat na malaking nakaaambag sa ekonomiya.

Sa katunayan, nakatutulong ang pangingisda para makapagbigay ng malaking bilang ng trabaho sa mga Pilipino higit na sa mga nakatira sa tabing-dagat. Umabot na sa isang milyong mangingisda sa buong bansa ang nagparehistro sa *National Program for Municipal Fisherfolk Registration* (FishR) ng *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources* (BFAR) (Pelayo & Navales, 2014). Idinadala ang mga nahuling isda sa iba't- ibang *fish port* sa Pilipinas at isa na rito ang *Navotas Fish Port Complex* o NFPC na kung saan ito ang pangunahing nakatutulong sa ekonomiya ng lungsod. Inilahad ang halaga ng Navotas sa pahayag na:

> Karaniwang ibinabagsak ang mga huling isda sa Navotas sapagkat ito ang "Fishing Capital of the Philippines" kaya itinuturing ang lungsod na mahalagang komunidad ng pangingisda. Kung gayon, nasipat na direkta o may kinalaman sa pangingisda at kaugnay sa industriya ng pangingisda ang kabuhayan ng 70% na populasyon ng Navotas. Katulad ng kalakalan sa pangingisda, pagkukumpuni ng lambat sa pangingisda, at produksiyon sa pangingisda (Lumaque et al., 2015, p. 3).

Naging daan ang representasyon sa Navotas upang nais mapabilang sa bentahan ng NFPC ang mga ilang negosyante at mga manggagawa. Sa katunayan, hindi mayaman ang lungsod sa pangturismong pagkakakilanlan ngunit nagkakaroon ng gampanin bilang pangunahing bagsakan ng isda sa Pilipinas ang Navotas dahil sa ambag ng *Navotas Fish Port Complex* (Tayone, 2021, p. 1). Malapit ang Navotas sa dagat kaya nakaapekto ito upang ito ang maging pangunahing bagsakan ng isda sa Pilipinas.

Sa kabilang banda, inilahad sa balita ng *GMA News* noong Hunyo 15, 2022 ang tungkol sa "Presyo ng isda sa ilang palengke, tumaas sa gitna ng kaunting *supply*" dahil kahit panahon ng panghuhuli ngayon sa Pilipinas ngunit maraming hindi nangingisda sapagkat mahal ang gasolina. Halimbawa na rito ang mga isdang Alumahan, Matambaka at Bisugo na tumaas ng 40 piso hanggang 60 piso. Gayundin, may ibang palengke na walang maibenta o hindi na lamang nagbenta dahil sa kakulangan ng *supply.* Ibinahagi ni *Asec*. Noel Reyes ng Departamento ng Agrikultura ang muling pagpapahintulot sa taong 2022 ng importasyon ng 30,000 *metric tons* (MT) na isda. Ayon sa kaniya, marami man tayong isda sa probinsiya subalit hindi ito sapat sa Metro Manila at may ilang kasalukuyang problema katulad ng maayos na imprastraktura sa bangka, sistema sa panghuhuli, at pasilidad para sa *cold storage* ng isda.

Dagdag pa sa balita, nagprotesta sa harap ng tanggapan ng Departamento ng Agrikultura ang grupo ng mga magsasaka at mangingisda na PAMALAKAYA upang itigil ang importasyon. Inihayag ng tagapagsalita ng grupo na si Ronnel Arambulo na mas lalong maaapektuhan ang kabuhayan ng mga mangingisda dahil hindi nila kayang sumabay kung bumaba ang presyo ng isda dulot ng importasyon. Sa paglapat nito sa pag-aaral, marapat sipatin ang kalagayan ng pangingisda sa Pilipinas upang magbukas ng kaalaman sa publiko ng mga salik sa marami at matumal na bentahan ng isda. Karaniwang hindi malay ang mga ordinaryong mamimili sa tiyak na dahilan kung bakit may panahon na mahal ang presyo ng isda kaya hangad na matugunan sa pag-aaral na ito ang malinaw at tiyak na pagpapaliwanag nito.

Binuo ang pag-aaral na ito batay sa tatlong magkakaugnay na layunin ngunit magkakaiba ng paraan ng pagsipat sa sistema ng bentahan ng isda sa *Navotas Fish Port Complex*. Una, ang panahon sa karaniwang bilang ng inaangkat at naibebentang isda. Nakita rito ang mga dahilan ng *peak season* at *lean season* ng bentahan ng isda. Ikalawa, ang pag-aangkat ng isda batay sa bilang, uri, at pinagmulan/pagdadalhan. Nasipat sa bahaging ito ang kalagayan ng bentahan ng isda batay sa klasipikasyon ng pinagmulan ng isda upang maibenta ito sa tiyak na pagdadalhang pook ng mamimili. Ikatlo, ang salik sa bentahan batay sa *supply* at *demand* ng isdang naangkat. Nailahad dito ang mga dahilan upang maibenta ang isda batay sa mga salik sa kapaligiran, panuntunan ng pamahalaan, at pakikiangkop sa kahingian ng mga tao.

Pangunahing dahilan upang piliin ito ng mananaliksik bilang paksa ng kaniyang pag-aaral sapagkat lumaki siya sa Navotas at hangad niya na makita ang epekto sa kabuuan ng sistema ng bentahan sa NFPC. Sa katunayan, masasabi na ito ang unang pag-aaral na nagpaliwanag ng mabusising pagsipat sa pagsasaalang-alang ng matiwasay na bentahan sa pangunahing bagsakan ng isda sa Pilipinas. Kung gayon, bahagi ng papel na ito ang pagdalumat sa kalagayan ng limang *Market Halls* na kung saan nagaganap ang bentahan sa loob ng *Navotas Fish Port Comple*x. Dagdag pa rito, nilinaw rin ang mga dahilan kung paano nakaapekto ang kalagayan ng kalikasan, panahon, lugar, at pandemya para makita ang mga balakid sa panghuhuli ng isda at mga ginagawang alternatibong paraan upang patuloy na makaambag ang NFPC at ibang daungan sa Pilipinas.

**Ang Silbi ng *Navotas Fish Port Complex* sa Buhay ng mga Pilipino**

Nasipat sa kasaysayan na isang bayan lamang noon ang Navotas at Malabon. Bagama't nagsarili na ang dalawang lungsod ngunit kung paano inilalarawan ang Malabon ay ito rin ang inilalarawan sa Navotas. Inilahad ni Arago (2004) na nagtungo ang mga mangangalakal na Tsino at Arabo sa bansa noong nadiskubre nila ang Manila Bay at natagpuan na malapit dito ang Malabon at Navotas kaya naman dito sila huminto sa tuwing nagbibiyahe sa Tsina. Inilarawan din ni Ruby Santos ang pagturing dito na *"Because it is the middle of the Bay "* (Arago, 2004, p. 7)

Dahil dito, may mga kasalukuyang proyektong inilaan ang Navotas upang lalong makatulong ang NFPC sa ekonomiya para madagdagan ng negosyante at makapagbigay ng trabaho. Naihayag ni Rodriquez (2020) ang plataporma ng NFPC tungkol sa ginagawang rehabilitasyon sa daungan na hangaring hindi lamang gagawing bagsakan ng isda ang matatagpuan dito bagkus, ang lahat ng sektor ng agrikultura. Inihayag na:

> Inaasahang matatapos ito sa taong 2023 na pondo mula sa pamahalaan para mapataas ang produksiyon at kita ng mga mangingisda. Naglaan ng P14 na bilyong piso para sa proyektong rehabilitasyon, kasama ang ekspansyon at pagdami ng *unloading station*, pag-aayos ng *road networks* at *drainage systems*, at ang pagtatag ng *art cold storage facilities* (Rodriguez, 2020).

Isang modernong pasilidad ang planong rehabilitasyon na kung saan, mas malawak na espasyo ang nilaan upang mas handa sa pagdating ng kalamidad at sakuna. Sa kabilang banda, hindi lamang lokasyon ang dapat pagtuunan ng pansin sa pamilihan ng NFPC bagkus, marapat din na tingnan ang regulasyon, panuntunan, at sistema na pinaiiral sa loob ng daungan. Napatunayan sa pahayag na:

> Tingnan natin halimbawa ang nagaganap sa pamilihan. Ang nagaganap dito ay isang 'sosyal phenomenon,' na kung saan may ugnayan ng tao, may pagkilos na naaayon sa alituntunin ng bilihan, may sangksyon o parusa sa sumusuway (pagnanakaw ng paninda) at may nagtatakdang institusyon na gumagabay (pulisya, lokal na pamahalaan, atbp) sa relasyon nabanggit (Nuncio, 2004, p. 159-160).

Dahil dito, sinipat kung paano nakikiangkop ang mga tao sa daungan upang maging kasapi sa bentahan. Sa katunayan, hindi maaaring

mapabilang sa bentahan ng isda kahit isang mamimili kung walang permit o pahintulot mula sa opisina ng NFPC sapagkat kasama ito sa pamantayan kaya kailangan magpatala sa kinauukulan. Dagdag pa na paliwanag:

> Ang pagkahati-hati sa lima ng lupang saklaw ng *Navotas Fish Port Complex*: ang *Industrial Zone* na 54% o 26 na hektarya sa kabuuan, *Pier Nos.* 1, 2, 3, 4, at 5 na 21% o 9 na hektarya, *Commercial Zone* na 12% o 6 na hektarya, *Market Halls Nos.* 1, 2, 3, 4, at 5 na 9% o 4 na hektarya at iba pa na 4% o 1 hektarya lamang (Tayone, 2021, p. 135).

Nagaganap ang bentahan sa *Market Halls* na kung saan pinagtuunan ang pag-aaral na ito. Bagama't maliit ang sakop ng lupain sa bentahan ng isda sa NFPC, ito ang pinakaaktibo dahil sa malaking bilang ng trabaho na naibibigay nito at pangangailangang pagkain ang ibinebenta rito. Samantala, nasipat na dalawa ang kakayahan ng pagpopook:

> (1) determinasyon ng sariling bayan, at (2) determinasyon ng iba pang mga bayan. (17) Halimbawa nito, alam nating masarap ang bangus ng Dagupan, maraming manggagamot sa *Pyramid of Asia*, puspos ang pananampalataya ng mga deboto sa birhen ng Manaoag, at masisipag ang mga kabayan nating mag-aasin (17). Naiiugnay natin ang masarap na bangus sa Pangasinan, hindi dahil sa ang ibang bangus sa bansa ay hindi masarap, ito'y dahil nirerekontsrak o binubuo na ang tinatawag na sensyal at kahulugan bilang iisa: bangus=Pangasinan, kaya't naging bangus Pangasinan (Morales-Nuncio, 2004, p. 20).

Mula rito, nakabase lamang ang mga taga-labas sa pagkakakilanlan sa pook batay sa mga representasyong binibigay ng mga tinatawag na materyal-kultura. Sa paglapit nito sa pag-aaral, nasipat ang iniiwang pagkakakilanlan ng NFPC sa mga taga-labas na mayroong pagkakatulad o pagkakaiba sa realidad ng bentahan sa *Market Halls*. Gayundin, maaaring sipatin ang salik sa pagbibigay ng presyo mula sa representasyon at kalidad ng produktong isda.

Samantala, nakita ang kabihasan ng mga kasapi sa *Market Halls* sapagkat matagal na silang bahagi ng lipunang ginagalawan kung kaya may malay sila sa malakas at matumal na bentahan. Nasipat nina Armada at Bacalso sa *Managing municipal marine capture fisheries in the Philippines: context, framework, concepts & principles* ang wastong regulasyon sa paghuhuli ng isda sa pamamagitan ng *control mechanisms.* Nahati ito sa dalawa: ang *output control* na nakatuon sa tiyak na bilang, uri, laki, at katangian na maaaring ibenta habang ang *input control*, ang permit sa kung

sino, kailan, saan, at paano maaaring manghuli lamang ng isda. Bunga nito, nais na solusyunan ang problemang kinakaharap ng karagatan dahil sa kawalan ng disiplina sa panghuhuli ng isda. Sinipi ang layunin sa pag-aaral batay sa pahayag:

> Ang layunin namin sa pamamahala ng palaisdaan ay hindi upang ihinto ang pangingisda, ngunit upang ihinto mula sa mapanira, mapaglabis at mapagpabayang pangingisda. Pagpapanatili ng pangingisda ang nais tugunan nito. Bilang tagapangasiwa ng palaisdaan, makahaharap ka ng maraming mga problema sa pamamahala, hindi rin direktang nakauugnay ang ilan sa mga ito, ngunit nakakaapekto pa rin sa pangingisda. Upang maging epektibo, dapat mong maunawaan kung paano ang sistema sa karagatan, kung ano ang ginagawa namin dito, at kung ano ang maaari nating gawin upang maprotektahan, pamahalaanan, at mapabuti ito (Armada & Bacalso, 2010, p. 25).

Naiugnay itong pag-aaral sa usapin ng pagpapapatupad ng regulasyon para sa pagpapanatili ng kalikasan, pagbibigay ng sapat na panuntunan na dapat sundin ng mga tao, at ang mga paghahanda sa mga hindi inaasahang sakuna. Gayundin, nasipat sa pag-aaral na ito ang mga balakid sa pag-aangkat at pagbebenta ng isda at mga ginagawang hakbangin para masolusyunan ito.

### Ang Teoryang *Socio-economics* Bilang Batayan sa Lipunan ng Pangingisda

Tinatawag na *socio-economic* ang *social economics*, kung saan nakatuon ito kung paano nakasalik ang ekonomiya upang maimpluwensiyahan ang isang grupo sa lipunan at ang sosyal na pamantayan at pilosopiya upang makaapekto sa pag-uugali ng mga mamimili (Gordon, 2022). Magkatuwang ang sosyal at ekonomiya bilang pagsusuri sa tiyak na disiplina dahil repleksiyon ng pagpapadaloy ng ekonomiya ang mga personal na pagtugon ng lipunan. Nakikibahagi ang tao sa paraan ng pagkilos sa pook na kinabibilangan upang maging pamilyar sa sistema at mapadali kalaunan ang interaksyon. Dahil dito, makikita ang sitwasyon ng ekonomiya kung natupad ng taong kasapi ang kaniyang layunin.

Si Max Weber ang kinikilalang nagbuo ng teoryang *socio-economic* mula sa konsepto ng *socioeconomic status* na kung saan, inilahad niya ang hindi pagkakapantay-pantay ng tatlong magkakaugnay na estado – kinabibilangan, katayuan, at kagrupo. Nailarawan ang bawat isa bilang batayan sa kapangyarihan at impluwensiya (2022). Kung gayon, ipinaliwanag

ng *socioeconomic status* ang pagkakaiba ng pribilehiyong natatanggap ng bawat tao ayon sa kinabibilangang estado na nagdudulot din ng pagkakaiba-iba ng kilos ng tao batay na rin sa kanilang pansariling interes. Nakaaapekto ang antas ng tao dahil napaghahati nito ang karapatan na natatamasa sa pook na kinabibilangan kaya mapapansin na determinado ang mga taong napapabilang sa mas mababang antas ng lipunan na mapabuti ang sarili upang makaalis sa kaniyang kasalukuyang antas.

Sa katunayan, naging pamantayan ang pag-aaral ni Max Weber sa pagsipat ng iba pang tiyak na gamit ng *socio-economic* katulad ng sa edukasyon, institusyon, o sa kabuuang kalagayan ng lipunan. Naipaliwanag naman ni Hellmich sa "What is Socioeconomics? An Overview of Theories, Methods, and Themes in the Field" na tinitingnan ang *socio-economics* bilang pamantayan sa pag-aanalisa ng '*governance structures*' kaya karaniwan nakatuon ang mga pag-aaral nito sa pamilihan, hirarkiya, sistema sa negosyo, pulitikal na estado, kultural na batayan, institusyonal, at istraktural na konteksto. Naituring ni Hellmich bilang mahalagang bahagi ng pamilihan o *market* ang aspeto ng *socio-economic* dahil tinitingnan nito kung natutugunan ng *supply* ang *demand*. Dahil dito, nasusukat ang pinaiiral na istraktura ng pamahalaan batay sa pulitikal na pagpapagalaw ng ekonomiya dahil makikita kung naibibigay ba ang ekspektasyon ng tao o para lamang ito sa interes ng mga kabahagi ng polisiya. Bilang pagpapatuloy, nailarawan ng ilang nagpapakadalubhasa sa *socio-economic* na:

> Natatangi ito dahil nakatuon ang gamit sa makatotohanang pamantayan patungkol sa kilos ng mga tao at kakayahang matukoy ang halaga ng impluwensiya sa iba pang larangan ng buhay, tulad ng kultura, politika, teknolohiya, at relasyong panlipunan sa ekonomiya at ang halaga ng pagpapaliwanag ng mga pang-ekonomiyang penomena (Hellmich, 2015, p. 4).

Nakita na nailalarawan ng *socio-economic* ang kalagayan ng tao batay sa kaniyang pakikibahagi sa lipunan sa pamamagitan ng pagsasalita, pagkilos, at pagmamasid upang matugunan ang personal na adhikain. Mahalaga sa isang pook na kinabibilangan ng tao na hindi lamang siya kabahagi ng lipunan sa halip, malay at bihasa sa mga pinaiiral na panuntunan at batas dahil may hinahangad na adhikain na kailangan matupad. Dahil dito, ang mga kinatawan ng lipunan ang magdidikta ng kaniyang pamantayan upang makaapekto sa kontrol ng pagpapagalaw ng ekonomiya.

Naipaliwanag sa artikulo ni Ashford na "What is Socioeconomics" ang nasabing teorya ang maaaring makatulong at maglimita sa kompetisyon sa tiyak na lipunan dahil mahalaga rin pagtuunan ang kooperasyon sa halip na tinutugunan lang ang sariling interes. Batay sa pagsaalang-alang ng lipunan

sa kaniyang kapaligiran, mas napapahalagahan ang galaw ng ekonomiya dahil mas nakikita ang kahingian ng bawat isa kung natutugunan o may mga pagkukulang na kailangan punan. Hinuhubog din ng teorya ang kaalaman sa realidad at sariling moral ng tao batay sa samahang nabuo, katapatan sa paniniwala, at ekspektasyon ng lipunan.

Nasipat ng mananaliksik na tinitingnan ng *socio-economic* ang ipinamamalas na katangian para matugunan ang layunin ng isang lipunan upang maging representasyon ng ekonomiya. Nakatuon ang pag-aaral ni Charles na "Fishery Socioeconomics: A Survey" sa maayos na pamamahala sa pangisdaan (o anumang ekonomikal na aktibidad) batay sa matagumpay na layunin ng lipunan at bisa ng layunin sa angkop na polisiya at ginamit na regulasyon. (Charles, 1988, p. 276-277) Tiningnan ng artikulo ang "fishery socio-economic" bilang pagdalumat sa sistema ng pangingisda na kung saan ang lipunan ang nakaiimpluwensiya sa ekonomikal na aktibidad. Dahil dito, ang pag-uugali ng komunidad sa palaisdaan o higit na ang mga mangingisda ang kabuuang manipestasyon sa kalagayan ng *socio-economic*.

Dinalumat sa *Navotas Fish Port Complex* ang realidad na estado sa pangingisda at ang panuntunan ng lipunan sa bentahan ng *Market Halls* gamit ang teoryang *socio-economic* bilang kabuuang daloy ng pag-aaral. Natukoy ang paraan sa pagtugon ng mga adhikain ng sosyal na lipunan sa NFPC para maunawaan ang ekonomikong kalagayan. Ipinaliwanag na:

> Ang layunin nito ay paunlarin ang ekonomiko sa pamamamagitan ng mas realistiko gawain sa teoretikal na pundasyon, maipakita ang kaugaliang gawain (kompetisyon, kooperasyon, pakikipagkapwa, at iba pa) sa konteksto ng pangkabuuang sosyal na pangangailan upang magresulta ng maayos na institusyunal at angkop na istruktura na maglalaan sa kahingian ng lipunan (Coughlin 1996; Etzioni 1988; Harrison 1999; Hattwick 1999; Stern 1993).

Nakatulong ang teoryang *socio-economic* para sipatin ang kaugalian sa isang tiyak na gawain katulad ng pagbebenta sa *Market Halls* na kung saan may kompetisyon, pakikiangkop, at pagsasaalang-alang sa kahingian ng paligid. Marapat na tingnan sa papel na ito ang pinag-ugatan na mga kalakaran sa pangingisda at pag-aangkat upang maging balidasyon ng ginagawang adapsyon ng lipunan sa NFPC. Dagdag pa na kahulugan ang:

> Pangunahing nakatuon ang *social economics* sa kahalagahan ng pagitan ng prosesong sosyal at ekonomikal na gawain sa isang lipunan. Kung gayon, hangad na suriin ng *social economics*

ang pagpapakita ng tiyak na pag-uugali ng lipunan, kasama ang kanilang katangian bilang isang mamimili batay kung paano ang isang partikular na grupong sosyal at sosyo-ekonomikong antas (Tarver, 2021).

Tinuon sa pag-aaral ang panahon, pag-aangkat, at presyo bilang daloy ng pag-aaral dahil nasuri dito ang mga salik sa kalagayan ng mangingisda, mga isinasaalang-ala sa pagbebenta sa NFPC, at ang pakikiangkop ng mga mamimili sa palengke. Sa pagkakaugnay ng mga epekto, mas nakikita sa pag-aaral ang kabuuang galaw ng ekonomiya na kung saan, may mga grupo ng tao ang higit na nakikinabang o mas tuluyang naghihirap dahil sa hindi balanseng plataporma ng pamahalaan. Bilang panghuling paliwanag:

> Ang social economics ay isang pag-aaral ng koneksyon o relasyon sa pagitan ng 'social behavior' at 'economics.' Aspeto ito ng ekonomiks na nag-aaral kung paano nagiging salik ang mga aktibidad sa ekonomiya batay sa pag-uugali sa lipunan at kung paano hinuhubog ng ekonomiya ang 'social trends/patters' (Gordon, 2022).

Kung gayon, napag-uugnay ng teorya ang relasyon ng lipunan at ng ekonomiya batay sa kanilang kinikilos bilang kahingian sa kapaligirang kinabibilangan upang matugunan ang pangangailangan ng bawat isa. Bunga nito, sinuri ang mga maaaring paraan sa maaayos na panghuhuli sa daungan upang makabenta ng sapat sa mga mamimili ng isda o ang mga kakulangang aksyon na dapat mas pinagtuunan para sa paglago ng ekonomiya. Nagkakaroon ng pakikiangkop ang mga mamimili batay sa naging huli ng mga mangingisda nang sa gayon, patuloy ang ugnayan ng mga kasapi sa bentahan ng isda.

Sa katunayan, nailapat nina Mercado sa teorya ang mga suliranin sa artikulong "Analysis of Socioeconomic Profile of Rural Fishers in Northern Part of Surigao Del Sur, Philippines" dahil inilahad ang *socio-economic profile* ng mga kabilang sa pangingisda sa naturang lugar. Nakatuon ito sa mga balakid sa maayos na panghuhuli katulad ng bagyo, pag-aangkat ng isda sa ibang bansa, kawalan ng maayos na materyales sa pangingisda, at kawalan ng sapat na suporta ng pamahalaan upang matugunan ang kanilang pangangailangan. Bunga nito, inilahad bilang rekomendasyon ng pag-aaral ang inaasahang sistematikong tugon ng pamahalaan upang masolusyunan ang problema higit na sa epekto ng komersyal na pangingisda at pabago-bago ng presyo ng isda.

Sa katunayan, may hindi pantay na pagturing sa kalagayan ng pangingisda kaya may pagkakataon na napipilitan ang ilan na lumabag sa

batas. Nailahad nina Factura at iba pa sa "Socio-Economic Issues of Urban Small-Scale Fisherfolks in Cagayan de Oro City, Philippines" na karaniwang naaapektuhan ang mga maliliit na bangkang pangingisda sa mga *commercial fishing vessels* o malalaking barkong dumadayo sa kanilang lugar na mula pa sa ibang probinsya ng Pilipinas. Isa itong matagal ng banta sa mga mangingisda gamit ang bangka sapagkat kaunti na lamang ang kanilang nahuhuli kaya may ilang mangingisda na gumagawa ng ilegal na paghuhuli sa tiyak na lokasyon sa dagat. Hindi nabibigyang solusyon ng "Bantay-dagat" ang isyung ito dahil na rin sa kakulangan ng taong magbabantay sa dagat at ang maliit na uri ng bangkang nagbabantay. Dahil dito, sanga-sanga ang problema na kanilang kinakaharap na kailangan pagtuonan ng pansin at bigyan ng sapat na pondo upang masolusyunan.

Bilang karagdagan, ipinaliwanag nina Alapan at iba pa sa "Factors Affecting the Market Price of Fish in the Northern Part of Surigao Del Sur, Philippines" ang pagkasunod-sunod na suliranin: kalidad ng isda, lokasyon, ang kalagayan ng panahon, ang *demand* sa presyo at *water pollution*. Nailahad ang kalidad ng isda dahil nais bumili ng mga tao ng magandang uri at preskong isda upang matiyak ang kalinisan ng binibili at kaligtasan ng kanilang pamilya. Samantala, nakaapekto ang lokasyon sapagkat hindi nakapagpapadala ng magandang uri ng isda sa daungan kung hindi maayos ang lagay ng panahon sapagkat walang katiyakan sa panghuhuli. Gayundin, ang *demand* ng presyo dahil walang tiyak na dami o kaunti ng panghuhuli kaya wala ring katiyakan ang presyo ng isda. Panghuli, ang *water pollution* sapagkat nakaaapekto ang pagiging sariwa ng isda kaya sa ibang lugar na lamang nangingisda na hindi matindi ang banta ng polusyon para mas matiyak ang kaligtasan.

Nakatulong ang inilahad na pag-aaral upang maiugnay ang pagsipat din sa pook ng pananaliksik na ito. Napahalagahan ang teoryang *socio-economic* sa paglahad ng sanhi at bunga ng pakikiangkop ng lipunan sa loob ng *Navotas Fish Port Complex.* Bunga nito, hangarin na mailapit sa ordinaryong Pilipino na madalas magtungo sa palengke ang mga salik sa bentahan para sa pagpapagalaw ng ekonomiya.

## Pagdalumat sa Karanasan at Sitwasyon sa *Navotas Fish Port Complex*

Binuo ang papel na ito sa gitna ng pandemyang Covid-19 kaya sinikap ng mananaliksik na matiyak na ligtas ang kaniyang kalusugan habang isinasagawa ito. Sinunod ng mananaliksik ang pamantayan ng pagpasok sa *Navotas Fish Port Complex* sa pamamagitan ng pagsuot na

mga *face mask* at *face shield* at nagpatala ng *body temperature.* Sa tatlong paraan binuo ang pag-aaral na ito: pakikipanayam, pagkalap ng mga tala, at pagsaliksik ng artikulo. Kinailangan sa unang dalawang paraan ang tulong mula sa NFPC kaya nagbigay ng liham sa opisina upang pahintulutan na maisagawa ang kaniyang layunin.

Nagsimula ang mananaliksik sa panayam na kung saan kinailangan ang gabay ng *office-in-charge* ng *Market Operations Division* sa pagpunta sa *Market Halls* 1, 2, 3, 4, at 5 at sila ang naghanap ng *key informants* gamit ang pagrereto o *Snowball Sampling.* Malawak ang sakop na lokasyon ng NFPC na halos may kinalaman sa produktong isda ang trabaho rito o isang kilalang punduhan ito kaya lininaw na sa *Market Halls* lamang ang tiyak na pook ng pakikipanayam dahil dito nagaganap ang bentahan ng isda. Samantala, nakita ang malaking kagaanan ng tulong mula sa kinauukulan dahil may ilang hindi nagpapahintulot ng panayam maliban na lamang kung pakikiusapan sila ng mga kawani ng opisina. Sa katunayan, nabigyan ng pagkakataon ang mananaliksik na makapanayam ang mga taga-opisina sa *Market Halls* dahil may malay rin sila sa kalakaran at naging balidasyon din sila sa mga nalaman na impormasyon. May kabuuang 24 ang nakapanayam, tig-tatlong kasapi sa bawat *Market Halls* 1-5 at siyam na mga kawani ng opisina. Sinala ang mga sagot ng mga nakapanayam kung ano ang pinakakomprehensibo sa lahat ng nakalap na impormasyon at may ilang pinagsama-sama bilang isa ang pagpapaliwanag sa papel na ito. Maaaring hatiin sa dalawang bahagi ang nilalaman ng panayam. Una, ang kanilang mga personal na impormasyon higit na ang kanilang tiyak na trabaho sa *Market Halls*. Ikalawa, ang mga pamamalakad batay sa kanilang pwesto sa daungan at mga hamon sa maayos na bentahan batay sa kanilang mga nailahad na rason.

Ikalawa, ang kinuhang tala ng mananaliksik patungkol sa bilang ng isda, uri ng isda, at pinagmulan at pagdadalhan ng isda na pinakapangunahing kailangan ng pag-aaral dahil dito, higit na napatunayan ang ibinahagi ng mga nakapanayam at ang layunin ng pag-aaral. Panghuli, naghanap din ng artikulo o *video* para sa pagdagdag ng impormasyong nakalap at napag-isa ang mga nailahad sa pakikipanayam. Mahalaga ito upang maiugnay sa mga napanood na balita at nabasang artikulo ang nabuong datos mula sa NFPC dahil patuloy na nangyayari sa kasalukuyan, ang mga naibahaging karanasan at mga katibayang tala. Sa kabuuan, naging produktibo ang pagkalap ng datos dahil sa pakikiisa ng mga kasapi sa bentahan, higit na ang matiyaga at mabusising gabay ng mga kawani sa opisina ng *Navotas Fish Port Complex*.

### Ang Gampanin ng *Navotas Fish Port Complex* sa Magiging Daloy ng Ekonomiya

Layunin ng Navotas na mas lalong mapayabong ang ekonomiya sa pamamagitan ng pagpapaigting sa sentro ng kabuhayan ng lungsod, ang silbi ng *Navotas Fish Port Complex*. Dahil dito, mas maayos ang pamamalakad sa daungan, mas tuloy-tuloy na pag-angkat at bilihan. Marapat na pagtuunan ng pansin ang naging pagsaalang-alang sa maayos na bentahan dahil nakaapekto ito sa mga kilos ng mga kasapi sa pamilihan ng NFPC. Inihayag sa pahayag na:

> Maraming mga bagay at kilos ng mga tao sa isang lipunan ay mahirap maipaliwanag ng sistema ng bilihan. May mga pagkakataon kung saan ang mga gawi ng tao ay hindi nakaugnay sa presyo. Ang presyong itinakda ng bilihan, kung minsan, ay hindi nagpapahiwatig ng panlipunang benepisyo at sakripisyo. (Tullao, 1992: p 25) Sa agham ng ekonomiks, ang presyo ay nagpapahiwatig ng benepisyong natatamo at sakripisyong nakapaloob sa pagbuo ng mga bagay. Ang mga benepisyo ay nalalasap ng mga gumagamit ng produkto samantalang ang mga sakripisyo ay pinapasan ng mga prodyuser (Tullao, 1992, p. 29-30).

Maraming sakripisyo, balakid, paghihirap ang kinakaharap ng *Navotas Fish Port Complex* sa likod ng pagtingin bilang pangunahing bagsakan ng isda sa Pilipinas. Kung gayon, hinati sa tatlong salik upang mahimay ang pagsipat sa bentahan ng isda gamit ang 3P na nangangahulugan ng panahon, pag-aangkat, at presyo. Ginamit sa pagtalakay ang teoryang *socio-economics* na kung saan, inilapat ang ugnayan ng lipunan sa tiyak na kalagayan ng estado ng panghuhuli ng isda sa Pilipinas na makaaapekto sa galaw ng ekonomiya.

Paglilinaw na nagmula sa opisina ng NFPC ang mga terminong ginamit sa pagpapaliwanag ng mga susunod na bahagi. Gayundin, hindi tunay na pangalan ang ginamit ng mananaliksik sa pakikipanayam upang maprotektahan ang kanilang identidad ngunit inilarawan sila batay sa kanilang trabaho sa *Market Halls* o posisyon sa opisina ng NFPC. Samantala, karaniwang hinati ang impormasyon sa *inland* o *overland* at *marine* o *on/off quayside.* Ang *inland* o *overland* ay katawagan sa mga trak o anumang malalaking sasakyan ng mga *fish viajero* mula sa mga palaisdaan sa probinsiya o kukunin sa *airport* na sinakay sa eroplano ang mga pagkaing-dagat. Samantala, ang *marine* o *on/off quayside* ay katawagan ng inaangkat na pagkaing-dagat sa pamamagitan ng mga barko ng *fishing*

*vessel operator* o bangka ng *fishing boat operator* na direktang binababa sa daungan ng NFPC.

**1P: PANAHON sa Karaniwang Bilang ng Inaangkat at Nabebentang Isda**

Bunga ng nakabatay sa kalikasan ang bentahan ng isda kaya nakadepende rin sa estado ng panahon ang dami ng binabagsak sa daungan. Naiugnay ang teoryang *socio-economic* sapagkat nailatag kung paano nakaapekto ang lagay ng kalikasan upang makita ang galaw ng bentahan ng isda dahil marapat na pagtuunan din ng mga kasapi ang kalagayan ng panahon sa panghuhuli. Hindi permanente ang nahuhuling isda sa dagat kung gayon, mayroong marami at matumal na panahon ng bentahan sa *Navotas Fish Port Complex* kaya maaaring makita ang kooperasyon at kompetisyon para matugunan ang pangangailangan ng bawat isa.

Sa katunayan, may ibinahagi si Sir Liam na isang *fish trader/broker* at nagbebenta rin ng isda sa *Market Hall* 2 ng karanasan bilang may-ari sa tiyak na pwesto ng kaniyang binebentang isda at bilang kasapi sa proseso ng bentahan. May tatlong salik na ipinaliwanag sa panahon ng madami at kaunting bentahan upang makita ang sosyal na kaugalian ng mga kasapi sa bentahan bilang paraan ng pagtugon sa patuloy na pagpapayabong ng ekonomiya. Una, ang batayan ng pagtingin sa buwan, dahil napapansin ng mga mangingisda na nakaaapekto ito sa dami o konti at uri ng nahuhuling isda. Paliwanag ni Sir Liam, maraming huling pusit o lumot kapag bilog at maliwanag ang buwan ngunit madalang o wala masyadong huling isda nito. Samantala, maraming huling isda kapang walang buwan ngunit hindi gaano o walang huling mga pusit o lumot.

Ikalawa, ang pagtingin sa *high tide* o *low tide* dahil naging salik din ito sa madalas na makitang isda sa laot ng mga mangingisda. Batay sa obserbasyon ng mangingisda, karaniwan nagpapaluwal ang mga sugpo o hipon kapag *high tide* dahil maaaring umapaw ang dagat habang kabaliktaran naman ito kapag *low tide* dahil walang sugpo o walang hipon na mahuhuli. Nakaapekto ang dalawang naunang salik sa pag-uugali ng lipunan dahil mayroong obserbasyon ang mangingisda na maaaring gawing batayan upang makiangkop sa proseso ng ekonomiya. Nasipat ang *socio-economic* bilang panuri sa panahon ng inaasahang dami o kaunting huli batay sa pagiging mapagmasid ng mga kasapi sa bentahan. Hindi lamang bagyo o pandemya ang nagpapabago sa presyo ng isda gayundin, ang kusang kalagayan ng kapaligiran.

At ang panghuli, ang pagturing sa *peak season* at *lean season* na inilahad kung kailangan maraming inaangkat na isda at maraming bumibili

ng isda. Ayon kay Sir Leo na nagtatrabaho sa opisina ng NFPC bilang *market checker* ng mga binababang isda sa bawat *Market Halls*, mula Pebrero hanggang Abril o *Summer* ang *peak season* sa *Market Hall* 1 dahil kayang magbenta sa panahon na ito ng 100 banyera kada kamada. Sa kabilang banda, 20 hanggang 30 na banyera kada kamada lamang ang pinakamaraming kayang ibenta na isda kung kaunti ang huli. May paliwanag si Ma'am Gina na sekretarya sa opisina ng mga namamahala ng lantsang binababa lamang sa *Market Hall* 1 na sakay ng barko sa NFPC ng *peak season* at *lean season.* Malalaking kumpanya ang nagmamay-ari sa bawat pwesto ng *Market Hall* 1 kaya mayroong tiyak na opisina ang nag-aasikaso rito at nagsusuri ng kalagayan ng binababang isda. May *peak season* at *lean season* dahil sa *close season* na nangangahulugan ng pagtigil sa operasyon ng panghuhuli sa loob ng tatlong buwan dahil ito ang panahon na pinaparami muna ang mga isda upang hindi magkulang ng *supply*. Ayon pa kay Ma'am Gina, nagsisimula ng Nobyembre 1 hanggang susunod na taon ng Enero 31 ang *lean season* sa *Market Hall* 1 dahil ito ang *close season* sa Palawan na pangunahing pinagkukunan ng isdang galunggong at pinakamaraming uri ng naaangkat na isdang sakay ng lantsa sa NFPC.

Dagdag pa rito, batay kay Guerrero (2018) na mayroon din na *close season* sa *Visayas Sea* na karaniwan dito nagmumula ang isdang *tamban*. Nagsisimula raw ito ng Nobyembre 15 hanggang Pebrero 15. Gayundin, mayroon ding *close season* sa paghuli ng isdang tamban sa *Zamboaga Peninsula* (East Sulu Sea, Basilan Strait, at Sibuguey Bay) simula Disyembre 1 hanggang Marso 1. Bilang pag-uugnay, walang lantsa munang nag-aangkat sa Palawan, Visayas, at Zamboaga sa panahon ng *close season* sa halip, sa ibang probinsiya na lamang kukuha ng isda o kaya nag-aangkat muna ng mga *frozen* na isda mula sa ibang bansa upang may alternatibo pa ring ibenta sa *Market Hall* 1. Sa kabila nito, asahan na maraming angkat ng isdang galunggong at tamban kapag Pebrero higit na kapag *summer* dahil kakatapos lamang ng *close season*. Bunga nito, nakita na kailangan ng kooperasyon ng mga mangingisda at ng lokal na pamahalaan upang masunod ang pamantayan na dinidikta ng gobyerno nang sa gayon, matiyak ang patuloy ng panghuhuli ng isda para higit na paunlarin ang ekonomiya.

Samantala, kabaliktaran naman ito ng sitwasyon pagdating sa *peak season* ng *Market Halls* 2-5 dahil mas nakatuon sa pagdiriwang na isinagawa ng mga Pilipino at kulturang ipinapamalas sa tiyak na panahon kaya may ilang tao na nakikiangkop sa lipunan. Paglalahad ni Sir Liam sa *Market Hall* 2 na tinuturing *overland* ang inaangkat na isda, walang matumal o konting bentang isda sa pagsapit ng Disyembre hanggang Enero sapagkat dadami ang mga mamimili upang bumili ng isda para sa pasko na pangunahing okasyon na pinagdiriwang sa bansa. Sa kabilang banda, kabaliktaran din ang sitwasyon sa *lean season* ng bentahan sa *Market Hall* 2 sapagkat

matumal ang dating na isda kapag Marso at Abril o *Summer* dahil maaaring bunsod ito ng mainit na panahon at hindi makapanghuli ng maraming isda
.

Sa kabilang banda, magkatutulad lamang ang kalakaran sa *Market Halls* 3, 4, at 5 dahil nagmula sa *overland* ang inaangkat ng tatlong ito bagama't maaaring magbaba ang bangka sa *Market Hall* 3. Ayon kay Ma'am Tin na katiwala ng *fish trader/broker* sa *Market Hall* 5 at may sapat na karanasan at malay sa proseso ng bentahan, maraming angkat tuwing Hunyo sapagkat sinisikap ng mga mangingisda na manghuli ng isda agad bago sumapit ang tag-ulan. Hindi alintana kahit bagsak presyo na ibenta ng *fish viajero* ang mga huling isda, na karaniwang nagkakahalaga ng 30-40 piso kada kilo ng galunggong o tilapia. Dahil dito, Hulyo hanggang Agosto ang matumal na dating ng isda ng *fish viajero* dahil ito ang kasagsagan ng tag-ulan o bagyo.

Nagbahagi rin si Ma'am Ruby na *fish trader/broker* sa *Market Hall* 3 ng karanasan bilang may-ari sa tiyak na pwesto ng kaniyang binebentang isda at bilang kasapi sa proseso ng bentahan. Tuwing Marso hanggang Mayo ang *lean season* ng bentahan ng isda dahil mas inuuna ng mamimili ang ibang bagay sa panahon na ito. Naghahanda ang maraming tao sa pagsapit ng gradwasyon o magbabakasyon muna sa mga probinsiya o ibang pook dahil ito ang panahon na walang pasok ang karamihan sa paaralan o trabaho. Ayon pa kay Ma'am Lyn na isa sa pamilyang nagmamay-ari ng konsignasyon sa *Market Hall* 5 at may sapat na karanasan at malay sa proseso ng bentahan, magsisimula ang *peak season* sa bentahan ng isda kapag '*ber-months'* sapagkat naghahanda na ang mga tao sa pasko. Gayundin, maraming mamimili kapag may mga okasyon tulad ng piyesta. Sa bahaging ito, bagama't may pagsasaalang-alang sa panahon ng tag-ulan, mas nakatuon pa rin sa mga uso at tradisyong pinapamalas ng mga Pilipino. Nagiging pamantayan ng malakas at matumal na galaw ng ekonomiya ang pagpapahalaga sa koneksyon ng mga tao sa kanilang kapaligiran. Ang sumusunod ay talahanayan ng *peak season* at *lean season* ng limang *Market Halls* batay sa mga nakapanayam ng mananaliksik.

| *Market Halls* | *Peak Season* | *Lean Season* |
|---|---|---|
| *Market Hall* 1 | Pebrero hanggang Abril o *Summer* | Nobyembre 1 hanggang Enero 31 |
| *Market Hall* 2 | Disyembre hanggang Enero | Marso at Abril o *Summer* |
| *Market Halls* 3, 4, 5 | Hunyo (inaangkat) | Hulyo hanggang Agosto (inaangkat) |
| | *bermonths* o piyesta (bumibili) | Marso hanggang Mayo (bumibili) |

Talahanayan 1: Pagbabahagi ng mga kasapi sa bentahan ng *peak season* at *lean season.*

Gayundin, mainam na sipatin sa pananaliksik na ito ang impormasyon mula sa opisina ng *Navotas Fish Port Complex* ng taunang tala ng mga inangkat sa bawat sektor mula taong 2011 hanggang 2018. Nilahad ang kabuuang 8 taong impormasyon mula sa dalawang buwan na pinakamababang huling isda at dalawang buwan na pinakamataas na huling isda sa isang taon. Hinati rin ang tala batay sa sektor ng pinag-angkatan ng isda na *inland* o *overland* at *marine* o *on/off quayside*.

| | | | *Peak Season* | | *Lean Season* | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Taon | Sektor | Bilang | Buwan | Bilang ng Banyera | Buwan | Bilang ng Banyera |
| 2018 | *Inland (Overland)* | 1 | Agosto | 52,268.0 | Setyembre | 39,522.0 |
| | | 2 | Hulyo | 51,234.0 | Pebrero | 43,050.0 |
| | *Marine (On/off Quayside)* | 1 | Mayo | 360,422.9 | Enero | 90,820.6 |
| | | 2 | Abril | 340,103.8 | Disyembre | 137,407.5 |
| | Kabuuan *(Inland at Marine)* | 1 | Mayo | 410,665.9 | Enero | 140,371.6 |
| | | 2 | Abril | 388,368.8 | Disyembre | 187,633.5 |
| 2017 | *Inland (Overland)* | 1 | Agosto | 70,803.0 | Disyembre | 49,895.0 |
| | | 2 | Mayo | 63,193.0 | Nobyembre | 52,979.0 |
| | *Marine (On/off Quayside)* | 1 | Abril | 346,044.2 | Nobyembre | 95,279.7 |
| | | 2 | Mayo | 318,530.4 | Disyembre | 122,100.9 |
| | Kabuuan *(Inland at Marine)* | 1 | Abril | 404,304.2 | Nobyembre | 145,174.7 |
| | | 2 | Mayo | 381,723.4 | Disyembre | 174,208.9 |

| | | | *Peak Season* | | *Lean Season* | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Taon | Sektor | Bilang | Buwan | Bilang ng Banyera | Buwan | Bilang ng Banyera |
| 2016 | *Inland (Overland)* | 1 | Marso | 63,981.0 | Enero | 55,461.0 |
| | | 2 | Agosto | 61,727.0 | Pebrero | 55,566.0 |
| | *Marine (On/off Quayside)* | 1 | Abril | 528,243.6 | Disyembre | 126,416.2 |
| | | 2 | Mayo | 468,335.6 | Nobyembre | 161,081.6 |
| | Kabuuan *(Inland at Marine)* | 1 | Abril | 583.908.3 | Disyembre | 184,037.2 |
| | | 2 | Mayo | 526,562.6 | Nobyembre | 220,845.6 |
| 2015 | *Inland (Overland)* | 1 | Agosto | 68,522.0 | Hunyo | 54,032.0 |
| | | 2 | Setyem-bre | 67,859.0 | Nobyembre | 59,201.0 |
| | *Marine (On/off Quayside)* | 1 | Mayo | 430,329.9 | Enero | 123,729.0 |
| | | 2 | Marso | 375,922.82 | Disyembre | 129,043.1 |
| | Kabuuan *(Inland at Marine)* | 1 | Mayo | 490,527.9 | Enero | 190,766.3 |
| | | 2 | Marso | 442,158.82 | Disyembre | 191,026.1 |
| 2014 | *Inland (Overland)* | 1 | Marso | 77,989.7 | Disyembre | 63,030.0 |
| | | 2 | Hulyo | 77,530.0 | Nobyembre | 63,059.0 |
| | *Marine (On/off Quayside)* | 1 | Abril | 497,780.3 | Disyembre | 130,046.9 |
| | | 2 | Marso | 467,394.0 | Enero | 126,406.2 |
| | Kabuuan *(Inland at Marine)* | 1 | Abril | 570,410.3 | Disyembre | 193,076.9 |
| | | 2 | Marso | 545,383.7 | Enero | 198,420.2 |
| 2013 | *Inland (Overland)* | 1 | Hulyo | 84,241.0 | Pebrero | 59,045.0 |
| | | 2 | Agosto | 77,176.0 | Disyembre | 60,836.0 |
| | *Marine (On/off Quayside)* | 1 | Marso | 486,487.3 | Disyembre | 158,415.4 |
| | | 2 | Abril | 461,730.5 | Oktubre | 181,393.5 |
| | Kabuuan *(Inland at Marine)* | 1 | Marso | 552,136.3 | Disyembre | 219,251.4 |
| | | 2 | Abril | 526,536.5 | Nobyembre | 245,918.3 |
| 2012 | *Inland (Overland)* | 1 | Hunyo | 102,029.0 | Nobyembre | 54,696.0 |
| | | 2 | Mayo | 97,656.0 | Setyembre | 56,573.0 |
| | *Marine (On/off Quayside)* | 1 | Mayo | 276,939 | Enero | 130,923 |
| | | 2 | Abril | 265,932 | Disyembre | 147,837.97 |
| | Kabuuan *(Inland at Marine)* | 1 | Mayo | 374,595 | Disyembre | 209,835.97 |
| | | 2 | Abril | 351,791 | Enero | 218,209 |

| | | | *Peak Season* | | *Lean Season* | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Taon | Sektor | Bilang | Buwan | Bilang ng Banyera | Buwan | Bilang ng Banyera |
| 2011 | *Inland (Overland)* | 1 | Oktubre | 83,474.00 | Hunyo | 57,750.00 |
| | | 2 | Disyem-bre | 82,081.00 | Pebrero | 69,232.00 |
| | *Marine (On/off Quayside)* | 1 | Abril | 307,686 | Enero | 100,984 |
| | | 2 | Mayo | 286,412 | Disyembre | 127,125 |
| | Kabuuan *(Inland at Marine)* | 1 | Abril | 382,463 | Enero | 181,998 |
| | | 2 | Mayo | 360,667 | Disyembre | 209,206 |

Talahanayan 2: Tala sa opisina ng NFPC ng *peak season* at *lean season* sa taong 2011-2018.

Sa kabuuan ng talahanayan 2, naipakita sa taong 2011 hanggang 2018 ang *pick season* at *lean season* na ibinuod ang nakuhang tala na *inland* at *marine*. Una, ang *inland (overland)* na kung saan Hulyo at Agosto ang pinakamaraming inaangkat na isda habang Pebrero at Nobyembre naman ang pinakakaunting inaangkat na isda sa NFPC. Ikalawa, ang *marine (on/off quayside)* na kung saan Abril at Mayo ang pinakamaraming binababagsak na isda habang Disyembre at Enero ang pinakakaunting binabagsak na isda na sakay ng barko o bangka. Sa katunayan, magkatulad lamang kapag pinagsama ang dalawang sektor ng *inland* at *marine* at sa kabuuang bilang sa *marine (on/off quayside)* kapag tinukoy ang pinakamarami at pinakakaunting inaangkat sapagkat maraming isda ang nagmumula sa lansta o bangka. Naipakita sa tala ang silbi ng teorya sa usapin na halos magkatutulad ang *peak* at *lean season* kada buwan dahil may kaugnayan ito sa sistema ng panghuhuli ng isda na kailangan ng kooperasyon ng mga kasapi sa bentahan. Hindi nakasalik ang dami o kaunti ng binabagsak na isda sa *inland (overland)* dahil higit na binigyang patunay ng kabuuang datos ng *marine (on/off quayside)* ang epekto ng *close season* sa dami ng inaangkat na isda.

Sa pinagsamang impormasyon na nagmula sa nakapanayam ng mananaliksik at nakuhang tala sa opisina ng NFPC, nakita ang teoryang *socio-economic* bilang gabay sa interpretasyon ng pagpapadaloy ng ekonomiya. Katulad na lamang sa *Market Hall* 1 na karaniwang nagmula rito ang *marine* dahil maramihan ang inaangkat at binebenta kaya apektado ang buong galaw ng kalakalan kahit sa ibang *Market Halls*. Samantala, hindi masyadong naging balakid ang bilang ng inaangkat na isda sa *overland* sapagkat napatunayan na mas nakatuon ang *fish hauler/fish buyer* o mamimili sa okasyon, tradisyon, at pangangailangan na bilhin ang isda para pangkain ng tao.

**2P: PAG-AANGKAT ng Isda Batay sa Bilang, Uri, at Pinagmulan/ Pagdadalhan**

Mayroong karaniwang isda ang nabibili sa pagpunta ng mamimili sa palengke. May pagkakataon din na kahit magkatulad ang isda, magkaiba naman ang presyo nito. May panahon din na marami o matumal ang isda. Nangyayari ang lahat nang ito na karaniwang hindi malay sa rason ang mamimili sa palengke dahil hindi naman tiyak na naipapaliwanag ang isyu sa panghuhuli ng isda. Sa kabila nito, naipakita sa bahaging ito ang sistema ng *Navotas Fish Port Complex* upang makaapekto sa bentahan ng isda sa mga palengke.

Nakatuon ang teoryang *socio-economic* sa epekto sa mga kasapi sa bentahan ng kalagayan ng importasyon sa NFPC at mga dumadayong mamimili mula sa Metro Manila at ilang bahagi ng Luzon. Nakita ang sanhi at bunga ng pagiging bihasa, madiskarte, at mapagmasid sa lipunang ginagalawan nang sa gayon, patuloy ang pagpapaigting ng ekonomiya. Batay pa rin sa taunang talang nakalap ng mananaliksik sa opisina ng *Navotas Fish Port Complex,* nasipat mula taong 2011 hanggang 2018 ang dami ng inangkat na isda sa bawat sektor.

| Taon | *Banyera ng isda* | | Kabuuan |
|---|---|---|---|
| | *Inland (Over-land)* | *Marine (On/Off Quayside)* | |
| 2018 | 571,022.0 | 2,777,396.5 | 3,348,418.5 |
| 2017 | 700,245.0 | 2,358,435.0 | 3,058,680.0 |
| 2016 | 702,176.0 | 3,524,748.9 | 4,226,924.9 |
| 2015 | 759,968.0 | 3,171,658.0 | 3,926,626.0 |
| 2014 | 828,516.5 | 3,515,944.3 | 4,344,460.8 |
| 2013 | 813,550.0 | 3,528,115.6 | 4,341,665.6 |
| 2012 | 936,188.6 | 2,504,107.0 | 3,440,295.6 |
| 2011 | 904,730 | 2,223,649 | 3,128,379 |

Talahanayan 3: Tala sa opisina ng NFPC sa bilang ng banyerang isda sa taong 2011-2018.

Naipakita na bumababa ang bilang ng inaangkat na isda sa *Navotas Fish Port Complex.* Mula sa dokumentasyon sa *youtube* na *Born to be Wild: Doc Nielsen visits the largest fish port in the Philippines* (2018), inihayag ni Gerzon Dino na *Operation Marketing Manager* ng *Irma Fish Trading Corporation* na umaabot sa 100,000 ang *volume* o bilang ng banyera ng isdang galunggong noong 1980's ngunit 20,000 na lamang ang pinakamataas na naibababa noong 2018 dahil sa epekto ng *close season*.

Dahil dito, nagsimula ang matumal na bentahan ng galunggong noong taong 2014 hanggang patuloy itong bumaba ng 2017.

Samantala, nailahad ni Sir Ron na isang inhinyero ang kalagayan sa paghuhuli ng isda gamit ang bangka sa *Market Hall* 3 sapagkat sila ang namamahala sa buong lokasyon ng NFPC at kanilang sinusuri ang sistema ng panghuhuli sa dagat para makita ang galaw ng ekonomiya sa daungan. Nagkaroon ng *fishing ban* o may hangganan na lamang ng lugar ng pangingisda sa baybayin ng Manila Bay. Dahil dito, may ilang bangka na hindi nais manghuli sa inilaang lokasyon sa dagat sapagkat malulugi lamang sila sa gasolina. Gayundin, nahihirapan ang mga mangingisda ng bangka na manghuli nang marami dahil sa limitasyong pinaiiral ng pamahalaan. Bunga nito, bumibili na lamang ng *frozen* na isda sa bansang Tsina para pababain ang presyo ngunit ang mga ito ay hinuli din nila sa bansang Pilipinas. Labis na naaapektuhan ang mga mangingisda at lipunan sa bentahan sapagkat nahihirapan sila makipagkompetensiya sa mababang presyo bunga ng importasyon. Paglalahad muli ni Sir Ron, taong 2017 ng tuluyang bumababa ang nahuhuling isda sa Manila Bay kaya maiuugnay din sa talahanayan 3 na nakaapekto rin ito sa pagbaba ng bilang ng isdang inaangkat mula sa *marine*. Sinipat sa talahanayan gamit ang teorya ang naging salik sa kabuuang bilang ng binababagsak na isda, higit na sa nagmula sa *marine (on/off quayside)* sapagkat kahit magkatulad lamang ang kahingian sa isda kada taon ngunit nababawasan ang pagtugon nito sa mga tao bilang pangangailangang pagkain.

Batay sa pinagsamang panayam kina Sir Jeff at Sir Lino na nagtatrabaho sa opisina ng tiyak na kalagayan ng mga mangingisda gamit ang bangka sa *Market Hall* 3, nakita ang tatlong pangunahing kalagayan sa panghuhuli sa dagat. Una, ang matinding balakid sa taong 2022 ng taas presyo ng petrolyo na kung saan mas nalulugi ang mga mangingisda na manghuli sa laot at may pagkakataon na hindi naman sapat ang kanilang nahuhuling dami ng isda. Kung gayon, naiugnay sa ikalawang kalagayan na napipilitan minsan manghuli ang mga mangingisda sa mga bawal na perimeter sapagkat mas maraming isdang nakukuha rito. Halimbawa na lamang, sa mga gilid ng dagat nanghuhuli ng mga isda sa halip na sa laot sa kadahilanang mas marami ang makukuha rito. Bunga nito, nakikiramdam na lamang ang mga mangingisda kung may nagbabantay na *coast guard* sa lugar o wala. Paliwanag nina Sir Jeff at Sir Lino, may malay ang mga mangingisda na mali ang kanilang ginagawa ngunit ito lamang ang kanilang solusyon dahil sa walang huling isda at mahal na petrolyo para pumunta pa sa laot. May pagkakataon na mas pipiliin pa nilang manghuli ng isda kahit masama ang panahon dahil walang nagbabantay na mga *coast guard* sa dagat ngunit nagmamasid sila kung may bantay kapag maganda ang lagay ng panahon.

Sa ikatlo nakita ang pagkakaiba ng kalagayan ng mga barko o lansta at bangka. Naihayag na isang halimbawa nina Sir Jeff at Sir Lino na umaalma ang mga mangingisda ng bangka mula sa Antique at Masbate dahil sa mga barkong nanghuhuli sa kanilang lugar. Ang mga mangingisda sa bangka ang naisasakripsyo sapagkat kayang manghuli ng napakaraming isda ng mga malalaking barko. Kadalasan, halos nauubos ng mga barko ang isda sa kanilang lugar at mga tira na lamang ang nahuhuli ng mga sakay ng bangka. Nakita rito ang tunggalian na kung saan, ang mga mangingisda ng bangka ang labis na naaapektuhan sa suliranin sa panghuhuli ng isda. Naibahagi rin sa tatlong binigay na dahilan nina Sir Jeff at Sir Lino na walang katiyakan kung kikita sila ng malaki kahit marami ang huling isda sapagkat maaaring bagsak presyo kung maraming kakompetensiya.

Samantala, nailahad din nina Sir Jeff at Sir Lino ang kalagayan ng mga *fish viajero* na naapektuhan din sa panghuhuli sa dagat at ang taas ng gasolina para iangkat sa NFPC. Pinatunayan na hindi rin marami ang naiaangkat na isda dahil sa kakulangan ng huli sa mga probinsiya. May pagkakataon na marami man ang bilang ng isda sa probinsiya, bagsak presyo pa rin ito pagdating sa NFPC dahil sa kompetisyon sa ibang mga *fish viajero.* Sa huli, nalulugi rin ang mga *fish viajero* sapagkat mataas ang presyo ng isda mula sa pinagkuhaang lugar ngunit bagsak presyo na ito kapag dinala na sa *Market Halls* ng NFPC. Sa kabilang banda, nakaapekto rin sa *inland (overland)* ang *close season* sa ibang probinsiya na pinag-aangkatan ng mga *fish viajero*. Batay kay Guerrero (2018), mayroong *close season* sa *Davao Gulf* mula Hunyo 1 hanggang Agosto 31. Mula sa pinagsamang mga panayam, isinasakay sa eroplano ang mga inaangkat na isda mula sa Mindanao at dadalhin na lamang sakay ng trak sa *Navotas Fish Port Complex*.

Sa kabuuan, inihayag nina Sir Jeff at Sir Lino na walang tiyak na solusyon ang pamahalaan sa mga suliranin na natatamasa ng mga mangingisda, *fish viajero,* at iba pang kasapi sa bentahan sa halip, ang importasyon lamang ng isda sa ibang bansa ang alternatibong tugon para sa ordinaryong Pilipinong mamimili. Nasipat na hindi isinasaalang-alang ang lumalalang kalagayan ng mga kasapi sa panghuhuli at pagbebenta ng isda sapagkat ang pababain lamang ang presyo ng isdang bibilhin sa palengke ang layunin ngunit walang pinakasolusyon mula sa pinakaugat ng problema. Tanging pagbabakasakali lamang ang kayang gawin upang marami ang mahuli sa dagat at sipatin kung kaya makipagkompetensiya sa iba pang nagbebenta ng isda.

Iniugnay sa teoryang *socio-economic* ang kawalan ng solusyon ng mangingisda at kasapi sa bentahan upang maitaas ang kanilang pamumuhay.

Naipakita na hindi lubusang nakatulong sa lipunan nila ang plataporma ng pamahalaan sa pangangalaga ng kalikasan ngunit kailangan itong ipatupad upang patuloy ang panghuhuli sa mga susunod na taon. Sa kasamaang palad, nagiging solusyon pa ang pag-aangkat ng isda sa kalapit na bansa kaya mas lalong naghihirap ang kalagayan ng mga mangingisda sa halip na tulungan sila na mas paigtingin ang agrikultura higit na ang pangingisda sa Pilipinas. Sa katunayan, mas nakaaapekto pa ito sa ekonomiya kung walang alternatibong paraan na makatutulong sa mga nagtatrabaho sa sektor ng pangingisda.

Bilang pagpapatuloy, batay pa rin sa taunang talang nakalap sa opisina ng NFPC mula taong 2011 hanggang 2018, narito ang talahanayan ng limang pinakamaraming uri ng isda kada taon na mula sa *inland (overland)* at *marine (on/off quayside).*

| | | *Inland (Overland)* | | *Marine (On/Off Quayside)* | |
|---|---|---|---|---|---|
| Taon | Bilang | Uri ng isda | Bilang ng Banyera | Uri ng isda | Bilang ng Banyera |
| 2018 | 1 | Bangus | 329,917.0 | Tamban | 605,760.0 |
| | 2 | Tilapia | 180,649.0 | Galunggong (lalaki) | 542,460.0 |
| | 3 | Carpa | 57,596.0 | Galunggong(babae) | 262,746.0 |
| | 4 | Sugpo | 2,026.0 | Burot | 136.759.0 |
| | 5 | Alimango | 411.0 | Turay | 130.003.0 |
| 2017 | 1 | Bangus | 456,682.0 | Galunggong (lalaki) | 369,958.0 |
| | 2 | Tilapia | 176,983.0 | Galunggong(babae) | 310,650.0 |
| | 3 | Carpa | 63,584.0 | Tamban | 260,702.2 |
| | 4 | Sugpo | 2,411.0 | Tulingan | 162,513.0 |
| | 5 | Pangasius | 252.0 | Dalagang Bukid (babae) | 121,175.0 |
| 2016 | 1 | Bangus | 446,546.0 | Galunggong (lalaki) | 729,654.0 |
| | 2 | Tilapia | 179,606.0 | Tamban | 697,407.5 |
| | 3 | Carpa | 69,404.0 | Galunggong(babae) | 553,423.5 |
| | 4 | Sugpo | 5,404.0 | Tulingan | 285,451.0 |
| | 5 | Pangasius | 1,087.0 | Galunggong frozen (babae) | 118,675.3 |
| 2015 | 1 | Bangus | 435,837.0 | Galunggong (lalaki) | 774,056.71 |
| | 2 | Tilapia | 166,144.0 | Tamban | 551,684.15 |
| | 3 | Carpa | 85,299.0 | Tulingan | 265.111.00 |
| | 4 | Arowana | 41,720.0 | Burot | 250, 117.00 |
| | 5 | Bia | 12,364.0 | Galunggong(babae) | 196,129.70 |

| | | *Inland (Overland)* | | *Marine (On/Off Quayside)* | |
|---|---|---|---|---|---|
| Taon | Bilang | Uri ng isda | Bilang ng Banyera | Uri ng isda | Bilang ng Banyera |
| 2014 | 1 | Bangus | 492,921.0 | Galunggong (lalaki) | 1,471,402.70 |
| | 2 | Carpa | 173,816.0 | Galunggong(babae) | 262,951.60 |
| | 3 | Tilapia | 150,920.5 | Tamban | 207,947.30 |
| | 4 | Sugpo | 7,390.0 | Tulingan | 173,194.70 |
| | 5 | Pangasius | 2,678.0 | Turay | 141,064.00 |
| 2013 | 1 | Bangus | 472,574.0 | Galunggong (lalaki) | 1,676,412.00 |
| | 2 | Carpa | 174,228.0 | Galunggong(babae) | 206,952.90 |
| | 3 | Tilapia | 147,434.0 | Tulingan | 165,234.60 |
| | 4 | Sugpo | 17,203.0 | Turay | 138,596.00 |
| | 5 | Pangasius | 1,138.0 | Burot | 110,174.60 |
| 2012 | 1 | Bangus | 423,278.0 | Galunggong (lalaki) | 910,381.4 |
| | 2 | Carpa | 342,822.0 | Burot | 134,398.0 |
| | 3 | Tilapia | 150,710.6 | Bisugo | 129,595.5 |
| | 4 | Sugpo | 18,160.0 | Tulingan | 119,104.0 |
| | 5 | Alimango | 625.0 | Galunggong(babae) | 118,094.6 |
| 2011 | 1 | Bangus | 463,138 | Galunggong (lalaki) | 832,570 |
| | 2 | Carpa | 304.214 | Bisugo | 148,752 |
| | 3 | Tilapia | 126,317 | Galunggong(babae) | 111,642 |
| | 4 | Sugpo | 10,421 | Tulingan | 102,220 |
| | 5 | Alimango | 632 | Gulyasan | 98,977 |

Talahanayan 4: Tala sa opisina ng NFPC sa uri ng isda sa taong 2011-2018

Nailahad na ang mga karaniwang nahuhuli mula sa *inland* ay Bangus, Tilapia, Carpa, Sugpo, Pangasius, at Alimango habang sa *marine* ay Galunggong (lalaki), Galunggong (babae), Tamban, Tulingan, Turay, at Burot. Dagdag pa rito, nasipat na magkatulad ang pagsaalang-alang sa pagkakaroon ng *close season* sa ibang probinsiya. Naiugnay ang teoryang *socio-economic* sapagkat nakita ang pagbabago ng ranggo ng isda sa paglipas ng panahon dahil sa pagsaalang-ala sa lagay ng kalikasan, pamantayan sa panahon at lugar ng pangingisda, at ang epekto ng importasyon ng isda sa ibang bansa.

Nagbabago ang aktibidad sa ekonomiya sapagkat may pakikiangkop sa uri ng inaangkat lamang na isda. Halimbawa, sa Palawan nagmumula ang pangunahing isdang galunggong habang sa *Visayas Sea* karaniwan nagmumula ang isdang Tamban. Kung gayon, napatunayan na labis na nakaaapekto sa ekonomikal na daloy ng kita sa *Market Halls* ang pagkakaroon ng *close season* sa Palawan at Visayas sapagkat dito nagmumula ang

pinakamaraming inaangkat na uri ng isda sa *marine*. Ngunit higit na litaw ang epekto ng *close season* sa Palawan sapagkat bumababa ang bilang ng galunggong kada taon kaya tamban ang naging pangunahing isda sa taong 2018.

Samantala, nasipat na naiugnay din sa tala ang naibahagi sa pakikipanayam kay Ma'am Diane na nagtatrabaho bilang isa sa mga namumuno sa opisina ng *Market Halls* ng NFPC kaya siya ang pangunahing impormasyong pinagkuhaan ng mananaliksik dahil sa kaniyang kaalaman at kabihasaan sa buong proseso ng bentahan. Ipinaliwanag ni Ma'am Diane ang pinagmulang mga lugar ng inaangkat sa *inland* upang makaapekto ito sa bilang ng uri ng isda kada taon. Madalas nagmumula ang isdang bangus sa Pangasinan, Laguna, Bulakan habang nagmula naman ang isdang tilapia sa Batangas, Masbate, at Laguna. Dagdag pa, karaniwan nagmumula ang mga pagkaing-dagat na hipon, sugpo, at alimango sa *Manila Bay*. Kung gayon, naging salik ito sa teoryang bilang pag-ugnay sa limang pangunahing isdang matatagpuan sa *inland* sapagkat higit sa isang lugar ang pinagkukunan ng isang uri ng isda at malapit lamang ang lokasyon ng hulihan ng ilang uri ng isda kaya ito ang nagdidikta ng magiging aktibidad ng ekonomiya. Sa malalim na paglalarawan, sinipat ng mananaliksik ang nakuhang tala sa opisina ng NFPC ng pinagmulan at pagdadalhang lugar ng mga huling isda.

*Average Wholesale Fish Price Monitoring Report Market Halls* 1 & 2
Nobyembre 13, 2020

| Uri ng Isda | Laki | Presyo | Lugar ng Pinagmulan |
|---|---|---|---|
| Bangus | S2 | 35 kilo | Laguna |
| | M2 | 60 kilo | Laguna |
| | | 115 kilo | Bulacan |
| | | 140 kilo | Pangasinan |
| Carpa | M2 | 25 kilo | Laguna |
| Dalagang Bukid | M2 | 130 kilo | Palawan |
| Gulyasan | M2 | 75 kilo | Bataan |
| Tilapia | S2 | 35 kilo | Laguna |
| | M2 | 95 kilo | Batangas |
| Hipon Puti | M2 | 340 kilo | Gensan |
| Linatsay | M2 | 3,200 banyera | Zamboaga |
| Pusit | M2 | 250 kilo | Masbate |
| Tahong | S2 | 45 kilo | Manila Bay |
| Tamban | M2 | 900 banyera | Masbate |
| Tulingan | M2 | 3,800 banyera | Palawan |
| Turay | M2 | 2,200 banyera | Palawan |

*Market Halls* 1 at 2
*Daily Volume*
Nobyembre 13, 2020

| | Banyera | *In Metric Tons* |
|---|---|---|
| *Quayside* | 2,215 | 88.60 |
| *Overland* | 1,485 | 59.40 |
| *Frozen* | 40 | 1.60 |
| Tahong | 6 | 0.24 |
| *(Parsiyal) KABUUAN | 3,746 | 149.84 |

*naghihintay ng *unloading* sa *Frabelle*

Talahanayan 5: Halimbawang pormat ng pagtatala sa opisina ng NFPC sa mga pinagmulan ng isda kada araw.

*Daily Summary Report of Fish Destination*
Nobyembre 13, 2020

| | | |
|---|---|---|
| *Total No. of Vehicle/* Kabuuang bilang ng sasakyan | | 407 |
| *Total No. of Passenger/* Kabuuang bilang ng pasahero | | 881 |
| Kabuuang bilang ng *Fish Hauler* | | 396 |
| Kabuuang bilang ng *Fish Viajero* | | 11 |
| Kabuuang bilang o v*olume* ng isda | | 3,574 Tubs<br>142.96 MT |
| Destinasyon ng isda | Bilang ng sasakyan | Kabuuang Banyera |
| Baguio | 2 | 185 |
| Batangas | 4 | 28 |
| Bulacan | 42 | 286 |
| Cavite | 17 | 219 |
| Laguna | 13 | 268 |
| Metro Manila | 290 | 2003 |
| Nueva Ecija | 6 | 185 |
| Nueva Viscaya | 1 | 50 |
| Pampanga | 3 | 23 |
| Quezon | 1 | 14 |
| Rizal | 26 | 198 |
| Tarlac | 2 | 115 |

Talahanayan 6: Halimbawang pormat ng pagtatala sa opisina ng NFPC sa mga destinasyon ng isda kada araw.

Ipinaliwanag ng mananaliksik ang ideya ng kabuuang interpretasyon sa talahanayaan 5 at 6. Nilinaw ni Ma'am Diane sa talahanayan 5 na sa laki ng isda ang tinatala sa opisina na tinatawag na *large*, *medium*, at *small,* nahahati pa ito sa bilang 1 na pinakamaganda at bilang 2 na pangalawang

magandang uri ng isda. Dagdag pa niya, iba ang pagtatala sa tahong sapagkat hindi kada banyera ang pagbibilang nito bagkus kada sako lamang, kung gayon mayroon itong sariling pagtatala sa *daily volume*.

Nilinaw gamit ang teoryang *socio-economic* na may epekto sa pagpapagalaw ng ekonomiya ang nakatalang lugar ng pinagmulang uri ng isda dahil marapat na pahalagahan ang pagiging bihasa ng sosyal na lipunan para hindi malugi at nang sa gayon ay maibigay ang tiyak na presyo sa kalidad ng isda. Sa pag-ugnay ng dalawang talahanayan na 4 at 5, nailahad na tatlo sa limang pinakamataas na bilang ng uri ng isda sa *overland* ang pangunahing isdang inaangkat mula sa ibang lugar. Ito ang mga bangus, tilapia, at carpa na mayroong magkakaibang presyo batay sa lugar na pinagmulan sapagkat paliwanag ni Ma'am Diane na nakaapekto ang pagtingin sa pook na pangunahing nanghuhuli nito. Katulad na lamang ng bangus sa Pangasinan na 140 piso kada kilo sapagkat mayroong masarap na lasa ito habang mahigit kalahati ang presyo nito sa Laguna na 60 piso kada kilo at mataas ng kaunti sa Bulakan na 115 piso kada kilo. Mas mahal ang bentahan kapag nagmula sa Pangasinan sapagkat kinikilala ang probinsiya na mayroong masarap na uri ng bangus.

Sa kabilang banda, ang mga nakatala sa talahanayan 5 ay nagpapakita na libo ang presyuhan ng bawat banyerang isda ang karaniwang nagmula sa *on quayside* na sakay ng lansta at ibinebenta sa *Market Hall* 1. Dagdag pa rito, sa pag-ugnay ng dalawang talahanayan na 4 at 5, nailahad na tatlo sa limang pinakamataas na bilang ng uri ng isda sa *on/off quayside* ang pangunahing isdang inaangkat mula sa ibang lugar na tulingan, turay, at tamban. Samantala, nailahad sa talahanayan na walang isdang galunggong na mula sa Palawan na pangunahing lugar na nag-aangkat nito gayundin, walang isdang tamban mula sa *Visayas Sea* na karaniwang nag-aangkat din nito. Pagpapatunay nito noong isinagawa ang pananaliksik ang pagkakaroon ng *close season* na nagsimula sa Palawan noong Nobyembre 1 at sa *Visayas Sea* noong Nobyembre 15. Mayroong pagsaalang-alang sa lagay ng komunidad upang makita ang galaw ng ekonomiya. Kung gayon, Tulingan, Turay o ibang isda muna ang alternatibo sa galunggong na hinuhuli sa Palawan habang mayroong pag-aangkat ng Tamban sa Masbate.

Samantala, mainam na mayroong naitala sa talahanayan 6 ng destinasyon sa binebenta na isda sapagkat natukoy ang karaniwang lungsod o probinsiyang dumadayo sa *Navotas Fish Port Complex.* Pagpapaliwanag ng mananaliksik, malaking bilang na nagmula ang mga sasakyan sa Metro Manila sapagkat dito rin matatagpuan ang Navotas. Gayundin, sumunod ang Bulakan, Rizal, Cavite, at Laguna na kapwang malapit sa Metro

Manila. Bagama't pangalawa sa pinakamababang bilang ng sasakyan ang Baguio at Tarlac ngunit malaki ang bilang ng banyera na kanilang nakuha. Sa katunayan, 13 banyera ang tanging lamang ng Rizal sa Baguio ngunit pangatlo ang Rizal sa pinakamaraming sasakyang dumayo sa NFPC. Kung gayon, natukoy na malaking bilang man ng sasakyan o namimili ang nagmula sa Metro Manila o kalapit na probinsiya subalit wala pa ring katiyakan na nagmumula rito ang bibili ng maraming banyerang isda. Kinakailangan pa rin ng diskarte sa pagbili ng dami ng isda upang magamit ang sapat na oras sa pagpunta ng NFPC.

Sinipat sa kabuuan ang teoryang *socio-economic* na mahalagang makiangkop sa kalagayan ng inaangkat sa NFPC upang makabili ng kalidad na isda na mayroong karapat-dapat na presyo batay sa buwan kung kailangang bumili at pook ng pinanggalingan ng isda. Higit na napatunayan ang malaking ambag ng Navotas sa kabuuang galaw ng bentahan sa palengke ng Metro Manila at kalapit na probinsiya. Gayundin, nakita ang relasyon ng mga tao sa kanilang lipunan para makabuo ng komunidad sa bentahan na sila ang karaniwang nagkakaunawaan at tumutugon sa pangangailan ng bawat isa para sa paghubog ng ekonomiya. Napatunayan na sinisikap na paunlarin ang panghuhuli ng isda sa kabila ng mga balakid na kinakaharap ng mga kasapi sa bentahan sapagkat apektado ang lahat nang mga daungan sa Pilipinas.

### 3P: PRESYONG Inilalatag Batay sa *Supply* at *Demand* ng Isdang Naangkat

Dinadayo ang *Navotas Fish Port Complex* dahil sa presyong sapat at karapat-dapat batay sa uri, laki, at klasipikasyon ng isda. Hindi permanente ang presyo sa kalakalan ng isda kaya nagbabago rin ang bentahan sa palengke. Bunga nito, minarapat na sipatin ang salik sa pagbibigay ng presyo sa pamamagitan ng pagtuon sa *supply* at *demand* ng isda sa limang *Market Halls.* Naipaliwanag na:

> Ang *demand* ay ang bilang ng mga mamimiling nais na bumili ng isang produkto (Whelan & Msefer, 1996, p. 6). Samantala, ang kagustuhan at kakayahang mag-*supply* ng kalakal ang magdidikta sa pagkilos ng nagbebenta (Whelan & Msefer, 1996, p. 8).

Ayon kay Fernando (2019), ang *law of supply and demand* ay ugnayan sa pagitan ng presyo ng tiyak na produkto at kagustuhan ng mga tao na bumili o magbenta nito. Kung gayon, mahalagang masipat ang *supply* at *demand* sa naging proseso ng bentahan sapagkat naisaalang-alang ang

presyong ibibigay batay sa dami at kalidad ng isda. Narito sa ibaba ang talahanayan sa naging salik ng mga kasapi upang magbenta.

| Salik sa magiging benta | Mataas ang benta | Mahina o walang katiyakan ang benta |
|---|---|---|
| A. Pagsaalang-ala sa kalikasan (walang kontrol ang mga tao) | - pagtingin sa bilog o maliwanag na buwan<br>- *high tide* o *low tide* | - *typhoon* o sakuna<br>- *summer* (mahirap manghuli)<br>- trapik<br>- mataas na presyo ng gasolina |
| | Mataas ang *supply* at mataas ang *demand* | Mababa ang *supply* pero mataas ang *demand* |
| B. Pagsaalang-ala sa kalikasan (may kontrol ang mga tao) | - pagtapos ng *close season* | - *close season*<br>- *fishing ban* |
| | Mataas ang *supply* at mataas ang *demand* | Mababa ang *supply* pero mataas ang *demand* |
| C. Kagustuhan ng tao | - pasko, piyesta, *ber months*, lugar ng pinagmulang isda, *big buyer*, suki | - bakasyon<br>- gradwasyon |
| | Hindi mahalaga kung mataas o mababa ang *supply* dahil tataas ang *demand* | Hindi mahalaga kung mataas o mababa ang *supply* dahil mababa ang *demand* |

Talahanayan 7: Ang salik sa magiging benta batay sa *supply* at *demand.*

May tatlong nakitang salik upang makaapekto ang *supply* at *demand* sa bentahan ng isda sa limang *Market Halls*. Ang A para sa pagsaalang-alang sa kalikasan na hindi kontrolado ng mga tao, B para sa pagsasalang-alang sa kalikasan na may kontrol ng mga tao sapagkat sila ang gumawa nito upang mapanatili ang aktibong pangingisda sa bawat taon, at C, ang kagustuhan ng tao na bumili ng isda. Sinipat ang mataas na benta sa A at B sa pagtingin sa bilog o maliwanag na buwan, pagsasaalang-alang sa *high tide* o *low tide,* at pagtapos ng *close season* dahil sa panahon na ito mataas ang *supply* kaya natutugunan ang mataas na *demand*. Samantala, naging balakid sa mataas na benta sa A at B ang mga sakuna o *typhoon*, *summer* dahil hirap manghuli ang mangingisda, matinding trapik sapagkat may ilang *fish viajero* ang hindi na lamang tumutuloy sa NFPC, at dahil na din sa mataas na presyo ng gasolina. Gayundin, ang pagkakaroon ng *close season* at *fishing ban* sa Pilipinas. Sa panahon na ito, mababa ang *supply* ngunit maaaring mataas ang *demand* ng isda. Kung gayon, nadalumat sa A at B ang *supply* at *demand* dahil inilahad ng mga ilang *fish trader/broker* na nakapanayam na mas mahal ang presyo kapag kaunti ang isda at mas mura o bagsak ang presyo kapag maraming isda.

Sa kabilang banda, naipakita sa C na mataas ang benta tuwing pasko, piyesta, *bermonths,* at pagbibigay halaga sa lugar ng pinagmulan dahil sa

lasa ng isda . Gayundin, nakaapekto ang suki at dami ng bibilhing isda ng mamimili dahil paliwanag ni Sir Liam, nagkakaroon lamang ng *fixed* na presyo batay sa uri ng isdang binili ng regular o tinatawag nilang *big buyer* na mamimili sapagkat karaniwang sila ang nagbebenta sa malalaking palengke at *grocery* o mayroong pagmamay-aring restawran o establisyemento. Kung gayon, hindi mahalaga sa panahon na ito kung mataas o mababa ang *supply* sapagkat tataas ang *demand* dahil sa mayroong pinaghahandaan ang mga tao na okasyon at may personal na kailangan tugunan. Sa kabilang banda, mahina o walang katiyakan ang benta tuwing bakasyon o gradwasyon sapagkat hindi prayoridad ng mga tao ang bumili ng isda at mayroong silang ibang planong gawin. Kung gayon, sa panahon na ito, hindi mahalaga kung mataas o mababa ang *supply* sapagkat hindi nakatuon ang mga tao na bumili ng isda kaya mababa talaga ang *demand* nito. Maiuugnay rito ang *supply* at *demand* sapagkat ayon sa paglalahad ni Sir Liam, walang marami o konting benta sa panahong ito sapagkat aasahan na tataas o bababa ang presyo ng isda batay sa bilang ng isdang inangkat at bilang ng mamimili.

Nasipat ang teoryang *socio-economic* sa tatlong salik sa magiging benta sapagkat mayroong tiyak na kontribusyon ang lipunan sa bentahan bilang pakikibagay sa kaniyang kapaligiran. Usapin man ito ng lagay ng kapaligiran o personal na kagustuhan, sa huli ay mayroon pa ring sariling adhikain ang mga namimili. Samantala, ang mangingisda at nagbebenta sa mga tao ang tunay na naaapektuhan nito sapagkat sila ang walang katiyakan ang benta. Sa kabila nito, nadalumat na dapat may malay at handa ang nagbebenta sa mga ganitong inaasahang lagay ng bentahan upang matimbang ang galaw ng ekonomiya.

### A. Mataas ang *Supply* Ngunit Mababa ang *Demand*

Nakaapekto rin ang pagbabago, pagkaluma, at pagkasira ng isda sapagkat may pagkakataon na mataas ang *supply* ngunit mababa ang *demand*. May dalawang salik na nakita ang mananaliksik patungkol dito. Una, nailahad ni Sir Liam na hindi lamang dapat palaging nakatuon sa dami ng *supply* na isda sapagkat marapat na masipat din ang kalidad ng uri nito. Maaaring hindi makabenta ng marami o malugi kahit maraming isda sapagkat hindi naman maganda ang kalidad nito. Pagsasaad ni Sir Liam, magandang kalidad ng isda, magandang presyo, at magandang kita. Naapektuhan nito ang *supply* at *demand* dahil kahit marami ang naiangkat na uri ng isda ngunit hindi pa rin nakatitiyak na mataas ang *demand* kapag hindi maganda ito. Kung gayon, walang garantiya na madami ang maibebenta.

Ikalawa, nakabatay din sa tagal ng isda na nakahilera sa isang araw sa *Market Halls* ang presyong ibibigay sapagkat bumababa o nagkakaroon

ng bagsak presyo habang tumatagal ang isda sapagkat nababawasan ang pagiging sariwa nito. Pagbabahagi ni Ma'am Tin na katiwala sa *Market Hall* 5 at bihasa sa proseso ng bentahan, may mga *fish viajero* na nagbabagsak presyo kapag matumal ang mamimili at tumatagal sa isang araw ang isda sapagkat nais na lang maubos ang paninda o kaya may pagkakataon na ililipat na lamang sa ibang *Market Halls* kapag wala na talagang mamimili. Maiuugnay rito ang *supply* at *demand* sapagkat maaaring mabawasan kalaunan ang presyo kahit mataas naman ang *supply* kapag nag-*depreciate* ang kalidad sa uri ng isda. Pagbabahagi ni Ma'am Diane, bagama't inagahan ng opisina ang bentahan sa bawat *Market Halls* dahil sa pandemyang Covid-19, may nakausap siyang ilang mamimili na nagpapahuli pa rin pumunta sapagkat naghihintay silang bumaba ang presyo.

**B. Mataas ang *Demand* Ngunit Mababa ang *Supply***

May pagkakataon na gumagawa ng alternatibong hakbang ang mamimili upang mangalakal ng isda kapag mataas ang *supply.* Hindi sa lahat ng panahon, ang mga mamimili ang nakikibagay sa pagbabago ng *supply* ng isda higit na sa NFPC kung saan karaniwang nagbebenta rin sa palengke ang mga bumibili rito. May pangyayari na bumababa ang *demand* ng isda kapag mataas ang presyuhan nang dahil sa kakulangan ng *supply* kaya maaaring bumili na lamang ng ibang *supply* na hindi kataasan ang presyo. Nakaaapekto ang ganitong suliranin sa bentahan ng isda sa palengke.

Nailahad sa balita ng *ABS-CBN News* noong Disyembre 6, 2019 na pinamagatang "PH mag-aangkat ng galunggong matapos ang 'doble-presyo' sa isang palengke," tumaas ng 300 piso o doble halos ang presyo ng kada kilo ng isdang galunggong kaya may ilang nagbebenta sa palengke na ibang isda na lamang ang ibebenta dahil hindi na rin nagiging mabili sa mga tao. Gayundin, tumaas din ang presyo ng tilapia na naging 120-130 piso kada kilo na dating 100 piso at naging 240 piso ang kada kilo ng tulingan na dating 200 piso lamang. Paliwanag ni Sir Eduardo Gongona na direktor ng *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources* na walang isda o matumal ang nahuhuli kapag may amihan o bagyo. Gayundin, nailahad sa balita na epekto ito ng *fishing ban* o tinatawag na *close season* sa Palawan na halos 90% ng isdang galunggong ang nagmula rito. Kung gayon, nag-angkat ang bansa ng 45,000 metrikong toneladang galunggong mula sa Tsina at Vietnam upang punan ang labis na pagtaas ng presyo. Ang higit pang ikinababahala ng ilan na maaaring nagmula sa *West Philippine Sea* ay ang huling isda ng Tsina. (Gagalac, 2019)

**C. Mataas ang *Demand* Dahil sa Kultural na Paraan ng Pagsusubasta**

Kinilala ang sistemang bulungan bilang paraan ng pagsusubasta ng isda sa NFPC na kung saan hindi ito lantad na transaksyon dahil bubulong lamang sa nagbebenta ang mga mamimili ng kanilang presyo upang hindi malaman ng iba. Sasabihin ng nagbebenta ang may pinakamataas na *bidding* at makukuha ng nanalong mamimili ang mga isda. Bagama't isang kultural na gawain, mayroon pa ring ambag ito sa salik na *supply* at *demand*. Hindi mahalaga sa sistema ng bentahan na ito kung marami ang *supply* basta mayroong mataas na *demand* ng tao. Nakaaapekto ang dami ng tatawad sa presyuhan ng binebentang isda gamit ang sistemang bulungan. Asahan na mas tumataas ang presyo kapag maraming bumubulong na mamimili sapagkat mayroong kompetisyon na makuha ang isdang ibinebenta. Samantala, asahan na mas mababa ang presyo kapag isa lamang ang bibili. Kung gayon, naipasok dito ang *supply* at *demand* sapagkat magkakaroon pa rin ng bagsak presyo kahit marami man ang *supply* ngunit isa lamang ang mamimili habang magkakaroon pa rin ng kompetisyon sa paraan ng pagsusubasta ng isda kahit marami o kaunti ang *supply* kung mataas naman ang *demand*.

Naiugnay ang teorya sa sumunod na tatlong ibang salik ng epekto ng *supply* at *demand* sa kahalagahan ng kalidad ng isda, mapanuri sa *supply*, at kabihasaan sa sistema ng pagsusubasta sapagkat nakita rito ang mga alternatibong isinasagawa ng mga tao upang mas higit na makapagbenta. Naipamalas ang kompetisyon sa lipunang ginagalawan mula sa pagbili ng isda sa daungan hanggang maibenta ito sa tiyak na palengke upang magresulta ng maayos na proseso ng ekonomiya. Kung gayon, malawak ang sakop ng *supply* at *demand* sa bentahan ng sariwang produkto sapagkat nakabatay ito sa kalikasan, kahingian, at kabuhayan ng mga tao.

Marapat na masipat ang konsepto ng elastisidad na kung saan sinusuri nito ang pagbabago ng presyo dahil sa kalagayan ng *supply* at *demand.* Nailahad ang kahulugan sa babasahing *Investopedia* ang *price elasticity of demand* na kung paano nababago ang halaga ng produkto o serbisyo sa epekto ng bentahan (Author, 2019). Samantala, sinusukat ng *price elasticity of supply* ang pagtugon sa pagbabago ng presyo ng isang produkto o serbisyo sa bentahan (Ross, 2022). Nasipat na halimbawa sa *elasticity of demand* ang epekto ng kalikasan na kontrolado o hindi kontrolado ng tao at mga kagustuhan ng tao na bumili kaya maisasaalang-alang ang presyo kapag may pagkakataon na marami o matumal ang bentahan. Gayundin, nakita rin ang elastisidad kapag sinisipat sa bentahan ang kalidad ng isda, pagpapalit ng uri ng isdang bibilhin, at kultural na pagsusubasta sapagkat nais tumugon ng mga mamimili sa *elasticity of supply* kapag mayroong pagbabago sa presyo ng bentahan.

Sa kabuuan, nakatulong ang paggamit ng 3P (Panahon, Pag-aangkat, at Presyo) upang mas lubos na maunawaan ang kalagayan ng pangingisda sa Pilipinas. Isinasagawa ng lipunan ang *trends* o *pattern* sa sistema ng bentahan para patuloy na umikot ang ekonomiya sa kabila ng mga salik at suliranin na nabanggit. Gayundin, nakita sa naging takbo ng ekonomiya ang kahalagahan ng sosyal na ugnayan sa *Market Halls* sapagkat walang permanenteng benta at kailangan lamang magkaroon ng malay sa pagkakaiba-iba ng panahon sa bentahan. Napatunayan na kahit sa *Navotas Fish Port Complex* ang sentro ng papel na ito ngunit maaaring makita ang pagkatutulad ng senaryo sa iba pang daungan sa Pilipinas.

**Ang Suliranin at Solusyon sa Kalagayan ng Bentahan ng Isda sa NFPC**

Nakita sa tiyak na pagtalakay ang realidad at mas lumalalang kalagayan ng pangingisda sapagkat naging salik ito sa pagpapadaloy ng ekonomiya sa *Navotas Fish Port Complex* at iba pang daungan sa Pilipinas. Sa katunayan, halos magkakatulad lamang ang kalagayan ng panghuhuli ng isda sa Timog-Silangang Asya. Nailahad nina Ferrer at iba pa ang pag-aaral na "Covid-19 and Small-scale Fisheries in Southeast Asia: Impacts and Response," ang labis na epekto ng pandemyang Covid-19 sa buhay ng mga mangingisda mula sa bansang Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Thailand, at Vietnam. Nasipat ang kahirapan na manghuli sa dagat dahil sa mahigpit na implementasyon sa panghuhuli, pagpapatupad ng *curfew,* mahirap na transportasyon, at kamahalan ng gasolina. Gayundin, ang kawalan ng mga mamimili ng isda higit na ang mula sa mga establisyemento katulad ng restawran at *mall*.

Dagdag pa sa artikulo, naging panandaliang solusyon ng bawat bansa noong panahon ng matinding banta ng pandemya na bigyan ang mga mangingisda ng pinansiyal at pagkaing subsidiya at mga pautang na pera. Sa katunayan, patuloy pa rin sa bawat bansa ang suliranin sa paraan ng pangingisda dahil sa pabago-bago na kalagayan ng kalikasan at pandemya. May pagkakataon na bagsak presyo kung ibenta ang mga isda kapag walang masyadong mamimili. Napatunayan ng pag-aaral na hindi lamang *close season*, bagyo, o usaping teritoryo ang problema sa panghuhuli ng mga karatig-bansa gayundin, ang kawalan ng sistematikong plano para matugunan ang pangangailangan ng mangingisda para sa pagpapataas ng daloy ng ekonomiya.

Samantala, inilahad ni Ma'am Diane bilang solusyon ang proyekto ng Departamento ng Agrikultura para sa mga daungan ng Pilipinas, katulad ng *Navotas Fish Port Complex.* Patungkol ang proyekto sa *"IsDa ON THE GO"* na may layunin na tugunan ang balakid sa pagbibiyahe para bumili ng isda, katulad ng pandemyang Covid-19. Sapagkat hirap makapunta ang

*fish hauler/fish buyer* o mamimili sa daungan kaya ang mga sasakyan na tinatawag na *"isDA ON THE GO"* ang maghahatid na lamang sa kanilang lugar ng bentang isda. Gayundin, may *sticker* na may tatak na *"isDA ON THE GO"* ang mga sasakyan bilang *food lane pass* upang hindi sila sitahin sa transportasyon. Kinakailangan na may koneksyon sa tiyak na *fish trader/broker* upang maihatid sa mga *fish hauler/fish buyer* ang mga biniling isda na mayroon pa ring katulad na presyo kung bumili sa daungan. Sa kabila nito, hindi lahat ng mga *fish hauler/fish buyer* ang nabibigyan ng pagkakataon na ito dahil kinakailangan na maramihan ang kukuhaning isda upang hindi malugi ang *fish trader/broker*.




Ang logo ng "*isDa ON THE GO"* na mula sa proyekto ng Departamento ng Agrikultura. Nagmula ang larawan sa opisina ng mga inhinyero.



Halimbawa ng trak na may *sticker* ng "*isDa ON THE GO"* upang maging batayan sa *food lane pass.*

Lumalala pa rin ang suliranin sa pangingisda kaya sanga-sanga ang mga epekto nito sa Pilipinas dahil tataas ang presyo ng isda kapag hindi sapat ang *supply*. Dahil dito, gumawa ng solusyon ang ahensiya ng Pilipinas katulad na lamang ng pagnanais na magkaroon ng importasyon ng isda mula sa ibang bansa nang sa gayon, bumababa ang presyo at pagpatupad ng *close season* bilang paraan ng patuloy na panghuhuli sa mga sumunod na taon. Inihayag nina Sir Arthur at Sir Lino na walang kongrektong plano na makatutulong sa kabuhayan ng mga mangingisda o sa mga kasapi sa bentahan ng NFPC kaya maraming umaalmang mangingisda sa solusyon ng pamahalaan sapagkat nahihirapan silang manghuli ng ilang buwan o makipagkompetensiya sa presyo.

Bilang karagdagan, nasipat na hindi masolusyunan ang problema dahil nakapanghuhuli ng malaking bilang ang mga komersyal na barko na pagmamay-ari ng malalaking kompanya sa Pilipinas habang pahirapan sa mga bangka ang manghuli dahil sa kakulangan ng pondo, kawalan ng isda, at limitasyon sa panghuhuli. Hindi napagtuunan ng pansin ang pangangailangan ng mga mangingisda o karaniwang manggagawa kung patuloy naman na nakaaambag sa ekonomiya ang mga negosyanteng may-ari ng barko.

Naihayag nina Sir Arthur at Sir Lino na tumutumal kada taon ang naidadalang isda sa NFPC na marahil sa kakulangan ng sapat na produksiyon, hindi maayos na pamamalakad sa panghuhuli ng isda, at walang makabagong kagamitan ng mga bangka o pag-iimpukan ng isda. Hindi para sa mga ordinaryong kasapi sa panghuhuli at pagbebenta ng isda ang ginawang alternatibong solusyon sapagkat mayroong buwan na walang aasahang huli ang mga mangingisda at mga ibang problemang ekonomiya na hindi masolusyunan, katulad ng sobrang taas na presyo ng gasolina. Kailangan malakas ang lokal na produksiyon ng isda na hindi lamang ang mga komersyal na barko ang higit na nakikinabang kaya marapat na hatiin ang teritoryo ng panghuhuli para sa mga barko at mga bangka.

Gayundin, marapat na itigil ang importasyon ng isda mula sa ibang bansa at sa halip, mas pagtuunan ang mga lokal na mangingisda na mapadali at maparami ang kanilang huli. Katulad na lamang ng inilahad nina Sir Arthur at Sir Lino na bigyan ng tulong sa pagpapagasolina ang mga mangingisda upang hindi sila tumigil sa panghuhuli. Maaaring bumaba ang presyo ng isda sa palengke dahil sa mga ginawang solusyon ng pamahalaan ngunit ang mga Pilipinong kasapi sa panghuhuli at pagbebenta ng isda ang labis na nagsasakripisyo. Bigyan ng pantay na pangangailangan ang lahat ng mangingisda dahil mauugnay ang pasakit nito sa kalagayan ng Pilipino.

**Konklusyon**

Nasipat sa pag-aaral na ito ang gampanin ng *Navotas Fish Port Complex* o NPFC sa kalagayan ng pangingisda sa Pilipinas. Naipakita kung paano isinasaalang-alang sa maayos na bentahan ang kalikasan, sakuna, pandemyang Covid-19, o ang mismong namimili. Ginamit ang teoryang *socio-economic* sa pagsuri ng kalagayan ng bentahan sa *Market Halls* ng NFPC at maunawaan ang estado ng palengke upang maging repleksiyon sa sitwasyon ng ekonomiya.

Sinimulan tugunan ang mga dahilan kung bakit may panahon na marami o matumal ang bentahan upang makaapekto sa presyo ng isda. Bunsod ito ng *close season* na kung saan pansamantalang tinitigil muna ang panghuhuli ng isda upang paramihin ito sa tiyak na mga buwan para mapreserba ang patuloy na pangingisda sa mga susunod na henerasyon. Gayundin, ang pagkakaroon ng *fishing ban* kaya may importasyon ng isda sa ibang bansa. Sa kabila nito, asahan na marami ang bentahan anuman ang kalagayan ng pangingisda tuwing pasko, piyesta o tiyak na pagdiriwang ng mga Pilipino dahil sa tradisyong isinasagawa bilang pakikibahagi ng lipunan.

Dagdag pa, napatunayan na malaki ang epekto sa kabuuang galaw ng ekonomiya ang mga pagkaing-dagat mula sa *marine (on/off quayside)* sapagkat kahit mayroong pag-aangkat ng isda ang mga *fish viajero* mula sa ibang probinsiya, hindi pa rin sapat ang bilang nito upang mapantayan ang mga isdang inaangkat ng barko. Dahil dito, sa pagpapatupad ng *close season,* nakita na bumababa ang bilang ng isda kada taon dahil tonelada ang naibabang isda sa barko kada araw kaya malaking epekto kung mayroong buwan na walang huling isda mula sa tiyak na probinsiya na nagpapatupad ng regulasyon sa panghuhuli. Layunin ng *close season* na maalagaan ang estado ng pangingisda para sa mga susunod na taon ngunit marapat na pansinin din ng ahensiya ng Pilipinas ang estado kada taon kapag may buwan na matumal ang nahuhuhuling isda. Maglaan ng alternatibong aksyon para sa manggagawang Pilipino na apektado ng mga platapormang isinasagawa ng pamahalaan sa pangingisda.

Samantala, nailahad na nagmula ang mga isda sa iba't ibang panig ng Pilipinas at may pagkakataon na magkakatulad ang isda ngunit magkakaiba ang presyo nito batay sa pinagmulan ng isda. Halimbawa, mas mahal ang Bangus na nagmula sa Pangasinan kung ihahambing sa Bulakan at Laguna dahil kinikilala ang Pangasinan sa magandang kalidad ng Bangus na ibinebenta. Sa kabilang banda, karaniwang sa Metro Manila lamang o mga kalapit na probinsiya ang namimili ng isda sa NFPC sapagkat dito rin matatagpuan ang lungsod. Mayroon pa ring dumarayo sa malayong lugar na maramihan kung bumili upang hindi malugi sa pagpunta sa daungan. Nasipat na marami o matumal man ang bentahan ng isda, inaasahang pinapakita pa rin ng mga mamimili sa NFPC ang pagiging madiskarte sa pamamagitan ng pagiging bihasa sa pagkilatis ng uri ng isda at praktikalidad sa pagpunta sa daungan.

Sa kasamaang palad, naiipit ang kalagayan ng mga mangingisda at nagbebenta sa NFPC dahil sa pahirapang manghuli ng isda kaya mayroong ilan na hindi na lamang nanghuhuli at nagbebenta ng isda para hindi malugi sa kikitain. Inaasahan na mayroong kongkretong plano para sa mga mangingisda at mga kasapi sa bentahan tuwing panahon na matumal o *lean season* ng bentahan at hindi importasyon ng isda sa ibang bansa ang ginagawang solusyon. Masasabi na walang katiyakan kung tunay nga na sapat ang ginagawang preserbasyon ng isda para sa mga susunod na taon kung mas lumalala ang estado ng panghuhuli ng isda sa kasalukuyang panahon.

Panghuli, nakita ang kahalagahan ng pagsipat sa *supply* at *demand* upang magkaroon ng malakas at mahinang bentahan ng isda. Una, para sa pagsaalang-ala sa kalikasan na hindi kontrolado ng mga tao. Ikalawa,

para sa pagsaalang-ala sa kalikasan na may kontrol ng mga tao dahil sila ang gumawa nito upang mapanatili ang aktibong pangingisda kada taon, at ikatlo ang kagustuhan ng tao na bumili ng isda. Nakita rin ang iba pang salik sa kalagayan ng *supply* at *demand* katulad ng kahalagahan ng kalidad ng binebentang isda, mapanuri sa *supply* upang may alternatibong pagpipilian, at kabihasaan sa sistema ng bulungan bilang paraan ng pagsusubasta. Nakita na marapat maging malay ang isang kasapi sa bentahan sa mga dahilan na inilahad sapagkat magiging batayan ito upang masipat ang galaw ng ekonomiya. Napatunayan na magkakaugnay ang epekto ng mga salik sa bentahan mula sa mangingisda hanggang sa ordinaryong mamimili kaya mahalaga makiangkop sa estado ng bentahan ng isda para matugunan ang pansariling layunin at praktikalidad ng pakikibahagi sa lipunan.

Sa katunayan, nailahad na walang kongkretong plano ang pamahalaan sa mga suliranin ng mga mangingisda at kasapi sa bentahan sa halip, importasyon lamang ng isda sa ibang bansa ang tanging solusyon. Labis na tinututulan ito ng mga mangingisda sapagkat nahihirapan silang makisabay sa presyo ng isda kaya nagdudulot ng pagkalugi sa binebenta. Gayundin, nakita na patuloy ang panghuhuli ng mga malalaking barko habang pahirapan ang kalagayan ng mga bangka dahil kaunti na lamang ang kanilang nahuhuli. Patunay ito na hindi mapagtuunan ng pansin ang suliranin kung malaki naman ang ambag ng mga negosyante sa pagpapadaloy ng ekonomiya. Dahil dito, marapat na bigyang aksyon ng pamahalaan ang kalagayan ng pangingisda sa pamamagitan ng alternatibong hakbangin tuwing matumal ang bentahan ng isda sa tiyak na buwan at magbigay ng pondo sa panahon na hindi makapanghuhuli bunga ng hindi inaasahang sakuna. Hindi dapat panandaliang solusyon sa taas presyo ng isda ang pinagtutuunan ng pansin ng pamahalaan. Sa halip, dapat ang kasalukuyang kalagayan ng bawat Pilipino ang laging makikiangkop sa pagbabago ng bentahan ng isda sa Pilipinas.

## Sanggunian (References)

Alapan, M. P., Arpilleda, E. I., Altizo, K. R., Frias, G. R., & Ravelo, J. D. (2016). Factors affecting the market price of fish in the northern part of Surigao Del Sur, Philippines. *Journal of Environment and Ecology. 7*(2), 34-41. https://www.researchgate.net/publication/312237781_Factors_Affecting_the_Market_Price_of_Fish_in_the_Northern_Part_of_Surigao_Del_Sur_Philippines

Arago, J. (2004). *...From Tambobong to city of Malabon.* Malabon: Malabon Cultural and Tourism Council.

Armada, N., & Bacalso, R. (2010). *Managing municipal marine capture fisheries in the Philippines: context, framework, concepts & principles.* (1st Edition) Cebu City, Philippines: Department of Agriculture-Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (DA-BFAR)

Ashford, R. (2004). What is Socioeconomics? *San Diego Law Review*. *41*(1), 4-10. https://digital.sandiego.edu/sdlr/vol41/iss1/3/

Author, S. (2019, Hunyo 21) Price elasticity of demand. *Investopedia*. https://www.investopedia.com/video/play/price-elasticity-demand/

Charles, A. T. (1988). Fishery Socioeconomics: a survey. *University of Wisconsin Press*. *64*(3), 276-295. https://www.jstor.org/stable/3146251

Factura, H., Cimene, F. A. & Nacaya, I. Q. (2021). Socio-Economic issues of urban small-scale fisherfolks in Cagayan de Oro City, Philippines. *American Journal of Multidisciplinary Research & Development (AJMRD)*. *3*(11), 1-6. https://www.ajmrd.com/wp-content/uploads/2021/12/A3110106.pdf

Fernando, J. (2019, Setyembre). Law of supply and demand. *Investopedia*. https://www.investopedia.com/terms/l/law-of-supply-demand.asp

Ferrer, A. G., Pomeroy, R., Akester, M. J., Muawanah, U., Chumchuen, W., Lee, W., Hai, P., & Viswanathan, K. (2021). COVID-19 and small-scale fisheries in Southeast Asia: impacts and responses. *Asian Fisheries Society. 34*(1), 99-113. https://www.asianfisheriessociety.org/publication/downloadfile. 355&file=Y0dSbUx6QXlOekU0TkRRd01ERTJNVGswTURZME1qa3VjR1Jt

Gagalac, R. (2019, Disyembre 6). PH mag-aangkat ng galunggong matapos ang 'doble-presyo' sa ilang palengke. *ABC-CBN News*. https://news.abs-cbn.com/business/12/06/19/ph-mag-aangkat-ng-galunggong-matapos-ang-doble-presyo-sa-ilang-palengke

Gordon, J. (2022, Mayo 28). Social Economics – explained. *The Business Professor*. https://thebusinessprofessor.com/en_US/economic-analysis-monetary-policy/social-economics-definition

Guerrero, R. III. (2018, Hulyo 7). Conserving our marine fisheries with closed fishing seasons. *Monthly Agriculture*. https://www.agriculture.

com.ph/2018/07/07/conserving-our-marine-fisheries-with-closed-fishing-seasons/

Hellmich, S. N. (2015, Enero 15). "What is socioeconomic? an overview of theories, methods and themes in the field." https://www.researchgate.net/publication/273307259_What_is_Socioeconomics_An_Overview_of_Theories_Methods_and_Themes_in_the_Field

Lumaque, L. L., Lopez, A.A, & Comedis, E. J. (2015). Navotas: sharing their fishing culture." *DLSU Research Congress 2015. 3,* 1-4. https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/conferences/research-congress-proceedings/2015/LCCS/002LCS_Lumaque_LBL.pdf

Mercado, Jillard O., & Mercado Rozette E. (2016). Analysis of Socioeconomic profile of rural fishers in northern part of Surigao Del Sur, Philippines. *World Journal of Fish and Marine Sciences. 8*(1), 64-67. https://www.academia.edu/27934431/Analysis_of_Socioeconomic_Profile_of_Rural_Fishers_in_Northern_Part_of_Surigao_Del_Sur_Philippines

Nuncio, R. V., & Nuncio, E. M. (2004). *Sangandiwa: Araling Filipino bilang talastasang pangkalinangan at lapit-pananaliksik. mga sanaysay na tinipon at inihanda ng mga may-akda.* Manila: University of Sto. Tomas Publishing House.

Pelayo, R. & Navales, R. (2014, Agosto 22). Bilang ng mga rehistradong mangingisda sa bansa, mahigit sa 1 milyon na! *UNTV News & Rescue. https://www.untvweb.com/news/bilang-ng-mga-rehistradong-mangingisda-sa-bansa-mahigit-sa-1-milyon-na/*

Rodriguez, A. D. (2020, Pebrero 5). Navotas Fish Port makeover elevates Philippine fishing industry. *Department of Agriculture*. da.gov.ph/navotas-fish-port-makeover-elevates-philippine-fishing-industry/

Ross, S. (2022, March 17) How does price elasticity affect supply? *Investopedia*. https://www.investopedia.com/ask/answers/040615/how-does-price-elasticity-affect-supply.asp

Tarver, E. (2021, Marso 23). Social Economics. *Investopedia*. https://www.investopedia.com/terms/s/social-economics.asp

Tayone, R. J. M. (2021, Enero). *NAVOTA(A)S: Pagmamapa ng bentahan sa pamilihang Fish Port Complex gamit ang pag-aaral na Socio-Economic Geography.* [Master's thesis, Pamantasang De La Salle Maynila]. Animo Repository. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etdm_fil/2/

Tullao, T. S. Jr. (1992). Kultura at kaunlaran: tungo sa ekonomiks ng lakas ng loob at magandang loob (kapag nabigo na ang bilihan at pamahalaan). *Malay*. *10*(1), 24-37. https://ejournals.ph/article.php?id=7785.

Whelan, J., & Msefer, K. (1996, Enero 14). Economic supply & demand. https://ocw.mit.edu/courses/sloan-school-of-management/15-988-system-dynamics-self-study-fall-1998-spring-1999/readings/economics.pdf

(2018, Mayo 14). Born to be wild: Doc Nielsen visits the largest fish port in the Philippines. *GMA Public Affairs*. https://www.youtube.com/watch?v=CVcYzNpAeLM

(2022, Marso 3). Presyo ng ilang isda sa Blumentritt market, mataas pa rin | UB. *GMA News.* https://www.youtube.com/watch?v=Ow1cx2LksqM

(2022, Hunyo 15). Presyo ng isda sa ilang palengke, tumaas sa gitna ng kaunting supply | 24 Oras. *GMA News.* https://www.youtube.com/watch?v=zQK7IJk2uP8

(2022). Socioeconomic status. https://family.jrank.org/pages/1609/Socioeconomic-Status-TheoreticalBackground.html#:~:text=The%20sociologist%20Max% 20Weber%20(1958,understood%20as%20honor%20and%20stige.

## Mga Kontribyutor

Si **Jervy Briones** ay instruktor sa Departamento ng Agham Panlipunan, Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Nakuha niya ang kanyang digri sa Kasaysayan mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang masterado (Philippine Studies) sa Asian Center, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ang kanyang mga interes sa pananaliksik ay umiikot sa kasaysayan ng paggawa (labor history), mga kilusang panlipunan (social movements), at kritikal na teorya (critical theory).

Si **Dr. Romeo P. Peña** ay kasalukuyang Full Professor habang nanunungkulan bilang Dekano ng Kolehiyo ng Artes at Literatura sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas sa Sta. Mesa, Maynila. Nagtapos siya ng PhD in Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ang kaniyang pananaliksik ay nakatuon sa historikal at kultural na peryodisasyon ng industriya ng niyog sa Pilipinas at pagdalumat sa produksyong pampanitikang hinggil sa niyog mula 1940 hanggang 2018 gamit ang kontekstong nakapaloob sa kaalamang-bayan, lokal na kalinangan, sariling wika, gunitang-bayan at mga naratibo. Sinasaliksik niya ang industriya ng niyog na nakatuon sa lugar na kaniyang pinagmulan sa Bondoc Peninsula (bahagi ng Lalawigan ng Quezon) gamit ang mga dulog na higit na multidisplinaryo at interdisiplinaryo. Nagtungo siya sa Japan at nagsilbing lecturer sa Regional Development WS sa Kagoshima University noong 2019. Siya ay kasalukuyang Assistant Secretary ng National Committee on Language and Translation (NCLT) na nasa ilalim ng National Comission for Culture and the Arts (NCCA).

Si **Axle Christien Tugano** ay kasalukuyang Guro ng Kasaysayan sa Division of History, University of the Philippines Los Baños, Laguna. Nagtapos ng BA History sa Polytechnic University of the Philippines (*Batch Valedictorian, magna cum laude*). Tinatapos ang digring MA Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines Diliman. Nakapaglimbag ng mga artikulo sa mga refiradong dyornal sa *Diliman Review*, *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, at *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* ng University of the Philippines Diliman; *Katipunan Journal* ng Ateneo de Manila University; *Dalumat E-Journal* ng De La Salle University; *Tala Kasaysayan Journal* at *Hasaan Journal* ng University of Santo Tomas; *Mabini Review* ng Polytechnic University of the Philippines; *Saliksik E-Journal* ng Bagong Kasaysayan, *Kawing Journal* ng Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino, at ilang mga pag-aaral na inilathala ng ATAGAN Tayabas at ADHIKA ng Pilipinas at National Commission for Culture and the Arts at marami pang iba. Noong 2021, natanggap niya ang karangalan bilang "*Mananaysay ng Taon 2021, Ikatlong Gantimpala"* na iginawad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Si **Nell B. Buenaventura** ay nagturo ng mga kurso tungkol sa wika at komunikasyong Filipino sa University of Santo Tomas at National College of Business and Arts. Nagtapos siya ng mga digring MA Filipino (2019) at AB Filipinolohiya (2015) sa Polytechnic University of the Philippines Manila at kasalukuyang kumukuha ng PhD Philippine Studies sa University of the Philippines Diliman. Habang nag-aaral sa kolehiyo, naging working student service crew din siya sa isang kainan sa SM North EDSA.

Si **Reneille Joy M. Tayone** ay kasalukuyang guro ng Far Eastern University, Maynila mula sa departamento ng Interdisciplinary Studies. Nagtapos siya noong 2017 ng kursong Batsilyer sa Edukasyong Sekondarya Medyor sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila. Taong 2021, natapos niya ang Master sa Sining sa Araling Filipino (Wika, Kultura, at Midya) sa Pamantasang De La Salle, Maynila na may parangal bilang Outstanding Master's Thesis sa Departamento ng Filipino.

POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
1904